visit: http://thefilipinomind.blogspot.com

dimapapabayaan —

Ibang lathalain ng MALAYA BOOKS na katha ng mga makabansang manunulat at mananalaysay

nagbubunyag —

THE UNTOLD PHILIPPINE STORY

ni Hernando J. Abaya

tumitiyak —

THE HISTORY OF THE FILIPINO PEOPLE

nina Teodoro A. Agoncillo
at Oscar M. Alfonso

dalawang mapanuring muntaklat —

ISANG PAMUMUNO PARA SA MGA PILIPINO

ORIGIN OF A MYTH

ni Renato Constantino

malapit nang lumabas —

THE MAKING OF A FILIPINO

— ang kasaysayan ng sakupbayaning pulitika sa Pilipinas

ni Renato Constantino

THE PHILIPPINES IN THE NINETEENTH CENTURY

ni Eliodoro G. Robles

THE FILIPINOS IN THE PHILIPPINES

(ikalawang pagkalimbag)
ni Renato Constantino

MALAYA BOOKS, INC.
Pilipinas

TALAADHIKAAN

NG M.A.N.

MALAYA BOOKS

Ang Demokratikong Pilipinong Ulnong

Please SHARE !!

Thanks!

Isang palagawaang inihaharap ng MAN (Makabansang Adhikaang Nagkakaisa) sa isang bansang nangangailangan ng isang simula sa makasaysayang gawain ng ulnunging pagbabago— sa pagkakapatibay sa Ikalawang Pambansang Kapulungan nito na idinaos sa Bulwagang Panlipunan ng SSS, Lunsod Quezon, noong Marso 15-16, 1969.

TALAADHIKAAN ng M. A. N.

ANG DEMOKRATIKONG PILIPINONG ULNONG

Pambungad	v	Renato Constantino
Tungkol sa Wika ng MAN	vii	
Paunang Salita	viii	
I. Ang Pangkasaysayang Sanligan ng Pilipinong Ulnong	1	Sinaunang Pilipinas
	2	Pananakop ng mga Kastila
	2	Amerikahing Imperyalismo
	5	Kasalukuyang Pilipinong Ulnong
	5	Ang Bagong Imperyalismo
	8	Bisa ng Amerikahing Hibo
	11	Agham
	12	Kalinangan at Paturuan
	14	Wika
	15	Patakarang Panlabas
	18	Saunlad ng Pagkamakabansang Pilipino
	20	Ang Tunay na Kalagayan
II. Ang Pangangailangan Sa Isang Bagong Pilipinong Ulnong	24	Pamamaraan ng Bagong Imperyalismo
	29	Gawain ng Makabansang Adhikain
III. Patungo Sa Bagong Pilipinong Ulnong	33	Sademokrasya at Saunlad ng Agimating Kaayusan
	36	Sademokrasya ng Ulnunging Kaayusan
	38	Sademokrasya ng Pampulitikang Kaayusan
	41	Mulintungo ng Lalinangan
	41	Paturuan
	43	Wikang Pambansa
	44	Santauhing Pabatiran
	45	Makatwirang Saunlad ng Agham at Aghimuan
	46	Mulintungo ng Patakarang Panlabas
Ang Tinatanaw	47	
Hugpong "A"	49	"Mga Hamon ng Kasalukuyan" ni Lorenzo M. Tañada
Hugpong "B"	64	Unang 100 Sapianing Nagbuwis
Hugpong "K"	67	Talatatagan ng MAN
Hugpong "D"	72	Talasalitaan

Copyright, 1969

by

MALAYA BOOKS, INC.

All Rights Reserved

PAMBUNGAD

ni

Renato Constantino

Bilang tagapangulo ng Lupon sa Patakaran at Pagbabalak ng nakaraang Pambansang Sanggunian ng MAN, nasaksihan ko ang pagsunlad ng Talaadhikaang ito. Ang palagawaang ito ay bunga ng maraming isip at maraming buwan ng paggawa. Di mabilang na matamang inisip na mga kasulatan ng paninindigan at pananaliksik ang iniambag ng mga Kaadhika na lalo at lalong nangasangkot sa paghahanda nito. Kadalasa'y naging mainitan at matagalan ang pagtatalo. Maraming waki ang kinailangang sulatin upang humantong sa isang Talaadhikaan na matatanggap ng lahat ng Kaadhika. Ang mga pulong at panayaman sa paghahanda, gayon din ang mga pagtalakay sa larang hinggil sa mga susog sa dalawang araw ng Kapulungan ay lalong nakapagpalawak at nakapagpalalim sa pagkakasangkot ng mga kaanib. Ang Talaadhikaan, kung gayon, ay pagkakalagom ng mga ambag ng marami. Ang ganyang malawak na paglahok ang siyang pangunahing dahilan ng tagumpay ng Kapulungan ng MAN na siyang nagpatibay sa kasulatang ito. At ang paglahok ding iyan ang siyang dahilan ng di makinis na uri ng pagkakasulat. Nguni't kahit dahil lamang sa pagkalahok ng mga kaanib na ngayon ay makapagsasabing nagkaroon sila ng bahagi sa paghahanda, ang Talaadhikaang ito ay maituturing na tagumpay. Ang tanging pamamaraan na ginamit sa Kapulungan, na tumiyak sa tunay na demokrasya, ay maugnayin kapwa sa kalikasan ng Talaadhikaan at sa sumusunlad na hulwaran ng MAN.

Sa kanyang kabuuan, ang Talaadhikaan ay di nakasisiya sa mga isahang kaanib bagama't ang lahat ng kaanib ay nakatatagpo ng mga bahagi ng Talaadhikaan na sukat niyang ikasiya. Ang ganyang di kasiyahan sa isang kasulatan na itinataguyod ng lahat ay nakapagpapasigla. Ito'y nangangahulugan na ang Talaadhikaan ay isang pahiwatig

ng lumilitaw na kamalayan ng isang nagkakaisang hanay. Sapagka't kung ang ilan ay ganap na nasisiyahan at ang ilan ay ganap na di nasisiyahan, ang kahuluga'y natamo ng ilan ang kanilang nais sa kapariwaraan ng iba. Ang dikasiyaha'y nagpapakilala na walang ganap na nakapamayani sapagka't kinailangang magbigayan upang mapanatili ang pagkakaisa. Ang Talaadhikaan, kung gayon, ay tanda ng pagkakaisa at dipagkakaisa. Ang pagkakamalay sa dipagkakaisa ang siyang dapat magbudlong sa lahat ng Kaadhika na makitagis para sa higit na pagkakaisa sa lansakang layunin at para sa lalong maraming lansakang layunin. Ang Talaadhikaang ito, kung tutuusin, ay isa lamang pasimula. Ang pangwakas na layunin ay isang palagawaang tumitiyak na ang kasiyahan ng isa ay kasiyahan ng lahat — hindi tulad ng sa kasalukuyan na ang kasiyahan ng lahat ay nababatay sa dikasiyahan ng lahat.

Taglay ang Talaadhikaang ito, ang MAN ay makapagsisimula nang magsatatag para sa lalong malawak na taguyod sa kanyang adhikain. Palalaganapin ang adhikaing ito sa pamamagitan ng pagbibigay sa mga Kaadhika at sa buong bansa ng kailangang kabatiran mula sa pananaw na makabansa, at ang gawaing ito ay maaaring maging isang napakalaking palagawaan sa paturuan na nakabatay sa mga simulaing makabayan.

Idinudulot ng mga Kaadhika ang Talaadhikaang ito, na bunga ng kanilang sama-samang pagsisikap, sa isang bansang nangangailangan ng simula sa makasaysayang gawain ng ulnunging pagbabago.

——0——

TUNGKOL SA WIKA NG MAN

Ang Talaadhikaan ng MAN ay nasusulat sa maugnaying wikang Pilipino, hindi sa "dalisay na wikang Tagalog." (Walang "dalisay" na wika.)

Sa Talaadhikaan ng MAN ay makikita natin ang mga salitang-hiram na tulad ng *imperyalista, asendero, pulitiko* at *lider* na nakikipagbungguang-balikat sa mga salitang Bisaya na tulad ng *bana* (husband), salitang Iluko na tulad ng *ulnong* (society) at maugnaying salitang Pilipino na tulad ng *pamuno* (real leader), *untipuno* (oligarch) at *higpunuan* (sovereignty).

Maaaring hindi maunawaan ng ating sambayanan ang mga simulain at kaisipan ng MAN sa dimaugnaying wikang Ingles (na maraming halong mga patay na salitang Latin at Griyego) nguni't sa maugnaying wikang Pilipino ay tiyak na maiintindihan ng karaniwang mamamayan ang pinakamahirap mang simulain at kaisipan — pagkatapos ng kaunting pag-aaral.

Mag-aral tayo. Ang mga taong nagpapatuloy ng pagaaral ay lumalawig sa taluktok ng kanilang kalusugan at kabataan.

PAUNANG SALITA

Ang Pilipinong ulnong (society) ay maysakit — nanghihina dahil sa matagal at ngayo'y malubha nang mga suliranin ng karukhaan, kawalang-hanapbuhay, katiwalian sa lingkurang-bayan at pagkasira ng batas at katiwasayan. Ang mga ito ay di lamang hiwa-hiwalay na gusot kundi malinaw na tanda ng isang laganap na sakit.

Nasisikil ang santaong Pilipino ng kabiguan at kawalang-magagawa sa harap ng ganyang mga suliraning bunga ng ulnunging katunayang isang bansa ng 36 na angaw ay nasa ilalim ng pamatok ng isang banyagang sakuping kaayusan at ng mga panditong kaanib nito — na siyang hadlang sa pag-unlad ng tunay na demokrasya.

Pakitang-tao lamang ang paglahok ng santao (the masses) sa mga pampulitika at pangkabuhayang pagpapasya na humuhubog sa kanilang buhay at kinabukasan. Ang biyaya ng mga gawaing pampulitika at pangkabuhayan ay tinatamasa ng iilan lamang, mga dayuhan o Pilipino man, na siyang naghahawak ng kayamanang-bansa at kapangyarihan.

Napakalantad na ang mahigpit na pangangailangan sa lubusang pagbabago kaya't maging yaong nagpapasasa sa ilalim ng kaayusang umiiral ay nagpapanggap na tagabunsod at tagatangkilik ng ulnunging mulinyo (social reform), at nagbibigay-diin sa pangkaasalang balikhaan (moral regeneration), isang mauliraning pangkaasalang palagay. Sa ganyang kalagayan, ang maselang katanungan na dapat masagot ay lumilitaw na tungkol lamang sa kung anong uri ng mulinyo ang dapat hanapin, hindi ang pangangailangan ng mulinyo. Bagama't binibigyang-diin nga ng

iba ang pangkaasalang balikhaan, lahat ay nabibigo sa paghahanap sa tunay na batis ng mga suliranin ng Pilipinong ulnong.

Gayon pa man, ipinakikita ng lalong masusing pagsusuri na mayroon pa ring batayang pagkakaiba sa pagitan ng kalikasan at kahalagahan ng mga kinikilala nang suliranin at ng kanilang mga dahilang-ugat. Bagama't ang makalumang tagamulinyo (reformer) ay nag-aanyaya sa pagpasok ng dayuhang puhunan, maging ito ay adya o pamumuhunan, bilang lunas sa ating karukhaan, ang tagataguyod ng bagong himig ng pagharap sa mga suliraning-bansa ay nagpapalagay na banyagang "adya" at panunupil ang siyang pangunahing dahilan at di lunas ng ating sakit. Ang agwat sa dalumat (concept) ng dalawang pamamaraan ay malawak.

Ang pamamaraan ng MAN ay ibinatay sa pagsusuri ng tutoong dahilan ng mga ulnunging suliranin ng Pilipinas mula sa makatunay at di mauliranin o makadamdaming pamamalagay. Ang mga katutohanan ng sakuping kaayusan (colonial system) ay walang-awang ibinibilad sa pagasa ng MAN na lahat ng Pilipino ay makapagtamo ng lalong malinaw na pagkaunawa sa katangian ng kanilang ulnong, at kumilos nang sang-ayon sa ganyang kamalayan.

ANG TALAADHIKAAN NG MAN

Ang MAN, isang nagkakaisang hanay ng lahat ng maunlad na lakas sa Pilipinas, ay kumikilala sa katutohanang magkakaugnay ang mga ulnungin (social), pangkabuhayan at pampulitikang suliranin, kaya't ang pakikitagis para sa pambansang kalayaan at demokrasya ay dapat harapin sa lahat ng larangang iyan. Sapagka't inaadhika ng MAN ang sakilos at satatag ng ating sambayanan laban sa mga lakas na siyang maylikha ng kanilang karukhaan at pagkaapi, ito ay humaharap ngayon na taglay ang isang talaadhikaang ganap na tumutukoy sa kanilang mga suliranin na dinaiwasang bunga ng sakuping ulnu-agimating (socio-economic) kaayusan. Ang Talaadhikaan ay nakasalalay sa isang madalumat na balangkas na hango sa pag-aaral sa mga kalagayan ng Pilipinong ulnong (society) sa kanyang pangkasaysayang pag-unlad, nagtuturing sa mga batayang simulain na siyang uugit sa makabansang adhikaan, at naghahayag sa maugnaying anyo ng kanyang mga kahingiang pangkabuhayan, pampulitika at pangkalinangan.

I. ANG PANGKASAYSAYANG SANLIGAN NG PILIPINONG ULNONG

A. Sinaunang Pilipinas

Mali ang sinasabi ng marami, na kung hindi sa kabihasnang Kastila at Amerikano, ang kalagayan ng Pilipinas ngayon ay tulad pa rin sana ng sa panahon ni Lapulapu. Mga kaalamang pangkasaysayan na matutunghayan na ngayon ang nagpapabulaan sa hunang iyan. Ang mga balangay hanggang noong ika-16 na dantaon, bagama't baruwang (primitive) kung ihahambing sa makabagong pamantayan, ay mga ulnong (society) na pasulong. Taglay ng mga ito ang malulusog na lakas patungong pagbabago na, kung tinulutang umunlad nang walang mapanakop na pakikialam, ay sumunlad (evolved) sana patungong lalong linang na katatagang ulnu-agimatin. Ang pamalagiang pagsasaka, ang pag-unlad ng mga kalalang (industry) sa

metal, kayo, kahoy, katad, atb., at ang yumayabong na baliwasan (trade) na may kaayusan sa pananalapi ay mga katunayan ng pagiging buhay at masigla ng mga balangay

B. Pananakop ng mga Kastila

Ang mahigit sa tatlong dantaon ng pananakop ng mga Kastila, sa halip na magpabilis sa lahatang pag-unlad ng bayan, ay nakapagpataw ng mga tatagin (institutions) at pamamaraan na hanggang ngayon ay humahadlang pa sa pangkabuhayang pag-unlad ng bayan. Ang Espanya ay nagpabaya sa pangkabuhayang kaunlaran ng sakupbayan. Ang mapanakop na pangasiwaang Kastila ay pumigil sa pagsasagamit ng mga lupangkaping yaman (mineral resources). Noon lamang 1834 binuksan ang Pilipinas sa pandaigdig na baliwasan, at sinimulan ang tutohanang paglilinang ng mga luwasing ani (export crops) noon lamang mga huling taon ng pananakop. Samantalang ang pamayanang Kastila ay nagkakamal ng yaman sa pamamagitan ng mga di-mabungang agimating (economic) gawain, ang karamihan sa sambayanang Pilipino ay pinagkaitan ng mga pagkakataon para sa agimating pag-unlad kaya't lalong naghirap.

Ang pangangailangan na panatilihin ang sakupbayan (colony) ang siyang nagbunsod sa Espanya na magpairal ng isang patakarang kumukupkop sa lamang na katayuan ng isang manipis na pang-itaas na saray (stratum) ng mga pampook na pinuno sa ating ulnong. Sa dulo ng ika-19 na dantaon, matapos ang ilang pultaon (decade) ng pakikisalamuha sa mga lalong sulong na bayang mamumuhunan sa Kanluran, na nangyari dahil sa pagsingit ng puhunang Britanyahin at Amerikahin sa sakupbayan ng mga Kastila, ang saray na ito ay nakapagpasulong ng kanilang agimating katayuan nang sapat upang maging butod sila ng gumigitaw na katutubong untipunuan (oligarchy), na siyang sa dakong huli ay gumanap ng mahalagang papel sa pamamalagi ng bagong sakupbayaning pamumuno.

K. Amerikahing Imperyalismo Hanggang 1946

Sa kabilang dako, ang Estados Unidos ay isa na sa mga nangungunang kalalanging bansa nang ipataw niya ang pamatok ng sakupbayang pamumuno sa sambayanang

Pilipino. Inudyukan ng pangangailangang ang bayan ay gawing mananaid (consumer) ng kanyang mga lalang (products), tagatustos ng mga hilaw na sangkap, larangan sa pamumuhunan at bunsuran para sa malawak na pamilihang Insik, ang mapanakop na pamahalaang Amerikahin ay nagpairal ng ilang ulnungin at agimating mulinyo (reform). Samantalang lumilikha ng mga kubkob na lawak ng puhunaning paunlaran, napamalagi at kung minsan pa'y napatindi ng mga Amerikano ang ugnayang malaalipin ng pangangalalang. Ang untipunuan (oligarchy) na gumitaw sa panahon ng mga Kastila ay nagsikap na umagaw sa pamumuno ng kilusang mapanghimagsik, nakapanaig sa Batasambansa ng Malulos at sa dakong huli ay napatigayunan ang pagiging kapanig ng mga Amerikano. Ang bagong untipunuang ito ang siyang higit na nakinabang sa bagong ulnu-agimating kaayusan.

Kapanabay ng maramihang paglalang ng luwasing-ani, na ibinunga ng "Malayang Baliwasan" (Free Trade) ng Pilipinas at Estados Unidos, umunlad ang mga saka-kalalanging pagawaan (agro-industrial plants) tulad ng lunduyang-asukal, padalisayan ng langis-niyog, palubiran, atb. Ang pag-unlad ng kabuhayang-bansa ng Pilipinas ay ikinulong sa ganitong hulwaran (pattern). Samantala, ang walang takdang pagpasok ng mga bilihing-lalang ng Amerika ay naminsala sa mga gamlang (handicraft) at ibang katutubong kalalang.

Samantalang ang pansariling puhunang Amerikano ay ibinuhos sa mga kalalang na tulad ng pagmimina at pagdalisay ng ginto, na madaling kumita, pinabayaan ang batayang metal, lalo na ang tanso at bakal. Sa ilalim ng mga Amerikano, ang Pilipinas ay hindi nagkaroon ng kalalang ng hilaw na bakal.

Ang ating mga lagay ng laterito sa hilaga-silangang Mindanaw, isa sa pinakamalaki sa buong daigdig, ay hindi pa lubusang napakikinabangan ngayon.

Samantala ay inatupag ang paggawa ng mga lansangan, tulay, daungan at paliparan upang magkaroon ng suludkayarian (infrastructure) na kailangan upang masiglang mapakalat at maipagbili ang mga isugang batlag (motor cars), makina at mga lalang na langis ng Amerika. Sa kabilang dako, kakaunti ang ginawa upang mapaunlad ang

malusog na pagbabapor na nangangailangan ng masaganang uling-bato; ang daambakal ay nilumpo sa pamamagitan ng paglalatag ng mga kaagapay na lansangan sa halip ng mga pantaguyod na daang pahalang (feeder roads). Sa buod, ang kabuhayang-bansa ng Pilipinas sa ilalim ng kapangyarihang Amerikahin ay hindi tinulutang magkaroon ng kalalang sa pamuhunang bilihin (capital goods).

Yaong nagtatanggol sa nagawa ng Amerikahing pamamahala ay nagbubukod sa mga kaunlarang binanggit upang palabasin na mapagbigay ang Estados Unidos, lalo na kung ihahambing sa kawalang-nagawa ng pamamahalang mapanakop ng mga Kastila. Bagama't nakinabang din nga ang bayan sa mga nagawa ng Amerika, dapat kilanlin na ginawa yaon upang mapaluwag ang pagluluwas ng mga hilaw na sangkap para sa mga kalalang ng Amerika at ang pag-angkat ng mga Amerikahing bilihin sa Pilipinas.

Gayon din, ang paturuang dinala dito ng mga Amerikano, na gumagamit ng Ingles bilang wikang panturo, ay naghawan ng landas upang tanggapin ng mga Pilipino ang isang sakuping kalinangan (colonial culture) na katugon ng panunupil ng mga Amerikano. Mula noon, ang mga panlasa, pagpapahalaga at adhika ng sambayanan ay inalagaan para sa paghanga at pagkamalapit sa mga Amerikahing tatagin. Kinailangan ang isang walang pasubaling pagtatapat sa watawat ng Amerika.

Samantalang ang mga Amerikano at ang kanilang kapanig dito ay nagsusuhay sa kanilang mga pagwawaging pangkalinangan at pangkabuhayan sa ibabaw ng sambayanang Pilipino, ang maigting na pagtatagisan ng mga bansang imperyalista ay sumiklab sa Ikalawang Digmaang Pandaigdig. Binayaan ng mga Amerikano ang mga Pilipino sa kamay ng mga makahukbong Hapon upang ipagtanggol ang sariling mahahalagang kapakanan, samantalang ang malaking bahagi ng untipunuan dito ay tumulong sa kaaway. Ang pagtutol ng sambayanang Pilipino sa mga paagi (tactics) ng mga Nipon ay tumining sa isang kilusang laban-Hapon. Sa ilang danay na tulad ng Gitnang Luson, ang kilusang laban-Hapon ay sumanib sa pagsalungat ng magbubukid sa pagkamala-alipin (feudalism).

Minsan pang nagkaisa ang sambayanang Pilipino sa pakikipaglaban sa iisang kaaway.

Nang matalo ang Hapon, sumunod ang isang maginhawang panahon ng pag-ayon sa Amerika na sinamantala ng mga Amerikano upang makamtan ang balang naisin mula sa ating pamahalaan, at upang mailugso ang malawak na taguyod sa mga makabansang Pilipino. Sa panahong ito ang maunlad na kilusan ay nagtamo ng sunud-sunod na dagok bagama't ang pagtutol ay hindi ganap na napatahimik.

Ang pagsama ng agimatin at ulnunging suliranin, na nakaugat sa pananakupbayan, ay unti-unting nagdala ng pagkaunawa sa kasamaan ng dayuhang-supil. Sa ilalim ng pamumuno ng mga yumaong Senador Claro M. Recto at Jose P. Laurel, na nagsiwalat ng pagka-ditutoo ng ating pagsasarili, nagsimulang gumitaw at yumabong ang isang kamalayang pambansa ng pagkasakop ng Pilipinas. Ito ay naging panandang-bato ng pampulitikang kaliwanagang-isip ng ating sambayanan.

D. Kasalukuyang Pilipinong Ulnong

1. Ang Bagong Imperyalismo

Halos walang kaibhang nagawa ang maanyong kasarinlan (formal independence) sa uri ng kabuhayang-bansa ng Pilipinas. Sa katunayan, ang agimating pamumulupot ng Pilipinas sa Estados Unidos ay naging tiyak sa pamamagitan ng isang tangkas ng mga kasunduan na ipinagpilitan sa Pilipinas kagyat na matamo nito ang kasarinlan. Nagpadala sa Pilipinas ng mga pangkat ng agimating tagasiyasig at mga "dalubhasa" upang tumulong daw sa paghanap ng maisasakatuparang kalutasan sa ating mga suliraning pangkabuhayan; nguni't ang mga kalutasang iniharap ay naglalayong mapanatili ang sakuping uri ng kabuhayang-bansa. Sa ilalim ng pamansag ng "timbang na paunlaran" ang mga Pilipino ay pinapaniwala na ang kanilang kabuhayang-bansa ay likas na pangmagbubukid, at anumang pagsisikap sa madaliang sakalalang (industrialization) ay lilikha ng mga malubhang agimating kaguluhan.

Matapos matalo ang pasismo, ang pagbabago ng kalagayang pandaigdaig ay nagbunga sa pangangailangang gumamit ng nababagong pamamaraan ang mga bansang mapanakop upang masupil ang kanilang mga sakupbayan. Iginiit ng karamihan sa mga sakupbayan ang kagyat at ganap na kasarinlan, at tinutulungan sila sa ganyang kahingian ng mga mauunlad na kilusan kahi't sa mga bayang imperyalista na rin. Sa gayon ding panahon, ang paglitaw ng mga bansang sosyalista ay nakapagbigay sa unang pagkakataon, ng isang mapamimiliang landas para sa mga bagong-silang na bansa, kaya't nabawasan ang lakas at napakitid ang galawan ng mga mapanakop na bansa. Dahil dito naging lalong maginhawa na kunwari'y gawaran ng kasarinlan ang mga sakupbayan at ilipat ang mga kapangyarihan ng pamahalaan sa mga katutubong untipuno; sa ganito ay nag-iba ang anyo ng pananakupan nang hindi nababago ang salik.

Kasunod nito, ang mga bansang mapanakop ay nagduldol ng mga tagibang na kasunduan at hukbuhing unawaan doon sa mga bayang dati nilang sakop na ngayon ay pinamumunuan ng kanilang mga katutubong kapanig. Ang mga kapanig na ito, sa pangakong ang inambayan ay patuloy na magbibigay sa kanila ng agimating adya at ipagtatanggol ang katayuang pampulitika ng mga untipuno laban sa pagkamuhi ng kanilang sariling taumbayan, ay pumayag na pangalagaan ang mga agimating kapakanan ng kanilang dating panginoon. Ang kaayusang ito ng di-tuwirang pamamahala ang kilala ngayon sa tawag na pagkamakabagunsakupin (neo-colonialism).

Muling itinatag ng pamahalaan ng E.U. ang maanyong kahigpunuan (formal sovereignty) noong Hulyo 4, 1946, pagsunod sa mga tadhana ng batas sa kasarinlan na pinagtibay ng E.U. Bago sumapit ang 1946, ginawa ng mga Amerikano ang lahat ng hakbang upang huwag magkaroon ng pampulitikang kalamnan ang nasabing kasarinlan. Sapagka't nalulukuban sa larangan ng pulitika at kabuhayang-bansa, ang Pilipinas ay masasabing isa nang bagunsakuping ulnong (neo-colonial society).

Sa pagkalikha nila, sa panahon ng sakupbayan, ng mga lawak ng puhunan ng paunlaran na supil ng mga Amerikano, napamalagi ng mga Amerikano kahi't na sa

ilalim ng maanyong kasarinlan ang mga ugnayang-lakas na umiral bago magdigma. Dito ay nakamtan nila ang tulong at pakikiisa ng bahagi ng kapilian (elite) ng mga Pilipino na siya nilang kapanig sa bayang ito.

Lahat ng mga palagawaan sa mulinyong pangmagbubukid na isinagawa ng ating pamahalaan sa udyok ng mga Amerikahing kagawaan ay nagtataglay ng pangunahing layong sawatain ang dikasiyahan ng sambayanan. Ang pangunahing sanhi ng karukhaan at kawalang pagsulong — ang pagkamalaalipin sa kabukiran — ay di kailanman nalunasan.

Samantalang ito ay nagaganap, ang katugong gawain na gantimpalaan ang mga untipunong Pilipino ay natiyak sa pamamagitan ng *Batas Bell sa Baliwasan* (Bell Trade Act) na nagbigay sa kanila ng mapakinabang na pamilihan para sa mga lalang ng pinagsamantalahang paggawa. Gayon din, ang nasabi ring Batas ay tumiyak ng pamilihan para sa mga yaring lalang, ng batis ng mga hilaw na sangkap at ng larangan ng tuwirang pamumuhunan para sa Estados Unidos. Nang sumapit ang panahong ito, lalong napamalagi ng Amerika ang sarilakaling supil (monopolistic control) sa Pilipinas bilang walang-katagis na pamuno ng mga bansang imperyalista.

Naging lalong tuso rin ang E.U. sa paggamit ng lakas. Kasama ng paggagawad ng malikmatang kasarinlan (illusory independence) sa mga dating sakupbayan, may isa pang kinailangang ipagparaya upang magtila-tutoo ang nasabing kasarinlan. Sa liwanag nito dapat malasin ang pagpapairal noong mga '50 ng mga supil sa dolar at angkatin — na siyang mga ihinahalimbawa ng tagatanggol ng kairalan (status quo) na pinagsimulan daw ng panahon ng kalalang sa Pilipinas. Bagaman kailangan ang supil para sa makabansang sakalalang, ang mga ito ay lingid na padayon (extension) lamang ng paghawak ng mga Amerikano sa kabuhayang-bansa. Ang saayos at pagbubuo ng mga lalang na dati ay inaangkat bilang mga yaring bilihin, ay ginawa ng mga kubsamahan (subsidiary) ng mga dating tumutustos na Amerikahing samahan. Nagbalangkas at nagpatupad na naman ng mga palagawaan tungkol sa mga suludkayarian ng kabuhayang-bansa na tulad ng nilayon nila sa panahon ng sakupbayan.

2. Mga Bisa ng Amerikahing Hibo

Sa Pilipinas, ang Amerikahing pamahalaan at ang pansariling sarilakal (private monopolies) ay nagtataglay ng napakalaking agimating lakas na ang isang bungang-bisa ay pampulitikang hibo. Ang karapatan sa paghalal, na ipinagpapalagay na siyang sandigan ng pulitikang demokratiko, ay nawalang-bisa hindi lamang dahil sa pakikialam ng mga Amerikano sa ating pambansang halalan kundi dahil sa kanilang panghihibo kahi't saang dako ng mga pamatakaran at tagapagpaganap na tanggapan ng pamahalaang Pilipino.

Ilang taon na ang nakaraan, ang aliwaswas-Stonehill ay nakatawag ng pansin ng madla sa isang mapait na katutohanan: na ang nag-iisang milyunaryong Amerikano ay nakapagkamal ng sapat na lakas upang ilagay sa kanyang sahuran ang matataas na punumbayan. Sa kasamaang palad, marami ang hindi pa nakaaalam na marami pang mga tusong Stonehill na natitira sa ating paligid. Sa katutohanan, ang pamamaraang ito ay madalas gamitin ng mga Amerikanong *carpetbagger* sa buong nasasaklawan ng Ikatlong Daigdig. Hindi napagsisiya ng marami sa atin na ang mga palagawaan sa "adya" at "pautang" ay iba't ibang anyo lamang ng pangangarpetbager.

Yaong mga namamalagi sa maling paniniwala na ang ating kabuhayang-bansa ay di makaaalpas kung walang Amerikahing adya ay dapat maghambing sa halagang naibigay na sa atin bilang adya at sa halagang nailabas na mula sa ating bayan ng mga mamumuhunang Amerikano bilang pakinabang ng kanilang pagpapakilos dito, at ang kalugihang dinanas natin dahil sa masamang timbangang-bayad (balance-of-payments) na siyang katangian ng ating pakikipagbaliwasan sa Estados Unidos. Dapat din nilang alagatain na ang bahagdan ng adya na tumungo sa tunay na malalanging pangangalakal ay kakaunti sapagka't ang karamihan ay nagtungo sa mga panukalang suludyarianin (infrastructure projects).

Sa paraang nakamamangha dahil sa katapatan, si William S. Gaud, Tagapangasiwa ng A.I.D. ay nagpaliwanag kamakailan sa tunay na uri ng "adyang Amerikahin sa mga bayang digaunlad" sa isang talumpati sa harap ng

Pambansang Panayam sa Patakarang Panlabas sa Paturuan (National Foreign Policy Conference for Education Leaders) na itinaguyod ng Kagawaran ng Banwa (Department of State) ng E.U. Aniya:

> "Nakapagpairal ang Estados Unidos ng isang palagawaan sa banyagang adya nang matapos ang Digmaang Pandaigdig II ... Datapwa't ngayon, marami pang Amerikano ang walang malinaw at wastong larawan ng kung ano ang banyagang adya, kung paano ito umiiral o dili kaya'y kung bakit natin ito ibinibigay.
>
> "Ang pinakamalaking nag-iisang maling dalumat hinggil sa banyagang adya ay ang paniwala na nagluluwas tayo ng salapi. Hindi tayo nagpapalabas ng salapi. Ang banyagang adya ay binubuo ng mga kagamitang Amerikahin, hilaw na sangkap, luwasing paglilingkod at pagkain — na ang lahat ay iginagawad para sa mga tiyak na panukalang pampaunlaran na tayo na rin ang nagsusuri at nagpapatibay. Siyamnapu't anim na bahagdan ng pananalapi ng A.I.D. ang ginugugol dito sa Estados Unidos bilang kabayaran sa nasabing mga bagay. Noon lamang nakaraang taon (1967) mga 4,000 samahang Amerikahin sa 50 banwa ang tumanggap ng $1.3 bilyong dolar ng A.I.D. para sa mga lalang na itinustos bilang bahagi ng palagawaan ng banyagang adya.
>
> "Ang salapi ng A.I.D. ay tumutungo rin sa mga sahod ng mga dalubhasang Amerikano, maging yaong tuwirang gumagawa para sa pamahalaan at yaong mga kawani ng mga kaisahang-manggagawang Amerikano, samahang pangalakal, tangikilikan (cooperatives) at pamantasang nagsasagawa ng aghimuing pagtulong (technical assistance) sa ilalim ng kasunduan sa A.I.D. ..."

Kung ang mga pautang ay naiiba man sa ganyang "adya," ang kaibhan ay bahagyang bahagya; sa katunayan ang mga pautang ay masasabing naglilingkod din sa katularing layuning imperyalista. Ang karamihan sa tinatawag na "kalalanging adya" mula sa E.U. ay inilalaan para sa mga panukalang suludyarian (infrastructure), at maliit na bahagi lamang ang naiuukol sa saunlad ng mga ba-

gong kalalang. Ang mga pautang na iginawad ng mga pangunahing mamumuhunang bansa sa mga digaunlad na bayan ay kadalasang nagtatadhana na ang salapi ay di magagamit para sa pagpapaunlad ng mabibigat na kalalang dili kaya'y para sa pagpasok ng banwa (state) sa mga panig na hanggang ngayon ay nakalaan para sa pansariling hanapbuhay. Ang mga pautang na ito, na mataas ang tubo, ay laging nagtatadhana na sila ay gugugulin sa mga pamuhunang bilihing Amerikano, na isasakay sa mga bapor Amerikano, isisiguro ng mga samahang Amerikano at itatayo ng mga mang-aaghimong Amerikano (American technicans).

Ang Susog sa Pantayan (Parity Amendment), ang Kasunduang Laurel-Langley, ang malasakunang palagawaan sa hisupil (decontrol) na sinimulan ng Pangulong Garcia at isinakatuparan ng Pangulong Macapagal, ay pawang ginawa sa pag-asang dadagsa ang puhunang Amerikahin. Ang pag-asang ito na nilikha ng paniniwalat (propaganda) ay hindi natupad. Ang mga kapakanang Amerikahin dito ay namumuhunan ng maliliit lamang na halaga lalo na sa pagbabangko at paniniguro at sa pamamagitan nito ay kumakalap at nagsasagamit sa mga salaping natitipon ng mga Pilipino upang muling-ipamuhunan daw sa Pilipinas.

Maaring banggitin dito ang isang malaking samahan sa paniguro na supil ng mga Amerikano. Nagsimula na ang puhunan ay wala pang isang angaw na piso, ang samahan ay yumabong sa loob ng wala pang dalawang pultaon (decade) sa isang sapiang may yuta-yutang pisong pananalapi. Ang mga sapiang Amerikahin sa bisa ng kabantugan ng kanilang mga inang-samahan ay nakapanghiram ng malalaking halaga mula sa mga pantaw-tataging (credit institutions) Pilipino na tulad ng GSIS, SSS, DBP, atb. Mula noong 1962 ay nagtamo sila ng pantaw (credit) mula sa mga tataging Pilipino sa halagang higit sa walong bilyong piso at nakapagpadala sa labas ng Pilipinas ng di-kukulangin sa isang bilyon at animnaraang angaw na pisong pakinabang.

Ang halaga ng salaping Pilipino sa pamilihang pandaigdig ay patuloy na bumababa kaya't tumataas naman ang kinakailangang ibayad ng mga Pilipino para sa mga bilihin, inangkat man o yari dito. Isang pangunahing

sanhi ng suliraning ito ay ang kasahulan ng ating timbangang-bayad, ang di-maiwasang sakit ng kabuhayangbansa na nakasalalay sa pagdulang ng mg hilaw na sangkap at pag-angkat ng karamihan sa mga makina at sairing bilihin (consumer goods) na kinakailangan.

Kung ang pangangailangan ng pamumuhunan ang pag-uusapan, ang batayang suliranin ng ating kabuhayangbansa ay di ang kakapusan sa puhunan, kundi ang tiwali at di maayos na sagamit ng matatagpuang katutubong puhunan. Nguni't sa isang bagunsakuping ulnong na katulad ng sa atin, kakaunti ang mga pagkakataon sa pamumuhunan, at ang pananagumpay o pagkabigo sa pangangalakal ay kadalasang pinagpapasyahan ng mga agimating patakaran at palakad ng mga Amerikano. Kaya't yaong mga Pilipino na nasa kalagayang mamuhunan, lalo na ang mga maylupa at mangangalakal, ay napipilitang iukol ang kanilang labis na salapi sa mga maituturing na ligtas na lawak na tulad ng paglulupa, dili kaya'y ipadala ang kanilang salapi sa mga banyagang bangko sa halip nang itulong sa pagpapaunlad ng mga batayang kalalang. At isa pa, malaking bahagi ng maaaring maging kalabisang salapi ang nasasayang sa mapangwaldas na pananaid na tulad ng mga salusalo, marangyang bilihin, pandaigdig na lakbay, gugulin sa paglibang, "lagay" o panunuhol, ngalandakan (advertising) atb.

Sa kabila ng mga tungkulaning pahayag ng patakaran, walang tunay na agimating pagbabalak sa bayang ito. Napatunayan ng pamahalaan, at ng namamahalang kapilian (ruling elite), na wala silang kayang iliwas ang daloy ng pamumuhunan mula sa mga lawak ng mababang paglalang nguni't malaking pagtubuan (kalakaling libangan, malasugal na pamumuhunan, atb.) patungo sa mga lawak na magbibigay sa ulnong ng mataas na paglalang at agimating kasapatang-sarili (self-sufficiency).

Agham

Naipanabi na ang pangunahing hadlang sa agimating kaunlaran ng Pilipinas ay ang mababang kapantayan ng saunlad ng agham na Pilipino. Ang pananabing ito ay di nagsaalangalang sa pagkakaroon ng makahulugang bilang ng mga Pilipinong dalubhasa sa mga ulnungin at likas na agham na ang mga kasanayan at lakas ay ginagamit ng ating ulnong sa mga kapararakang iba sa paunlarang pam-

bansa. Ang katutohanan ay di makatagpo ng sapat na dahilan ang ating kaulnungan, sa kanyang kasalukuyang paurong na kalagayan, na gamitin ang agham at aghimuan (technology) para sa pagpapabuti ng pamumuhay ng sambayanan.

Ang mga gawaing pang-agham (scientific) at pang-aghimuan (technological) sa Pilipinas ay nakatakod sa mga pangangailangan ng mga namamahala sa ating ulnong. Dahil dito, dapat mang nasa kalagayan ang mga mang-aagham at mang-aaghimong Pilipino na sagamitin ang natipong kaalaman ng daigdig, ang mga panustos sa pananaliksik at ibang gawaing tumutugon sa pangangailangan ng sambayanang Pilipino ay hindi ibinibigay para sa ganyang layunin. Sa halip nito, ang pang-agham at pang-aghimuang gawain ay isinisingkaw sa paglilingkod sa isang maliit lamang na panig ng Pilipinong ulnong, at mabiyayaan man ang santao ay hawa na lamang.

Ang ulnu-agimating kaayusan at ang pangkalinangang sakit na likha nito ay humahadlang sa tumpak na sagamit ng mga tauhin at likas na yaman para sa pagtatamo ng kasapatan sa sarili. Sa gayon, ang pagtakas ng ating mga mang-aaghimo at mang-aagham na tinaguriang "tagas-utak" ("brain drain") ay pahiwatig di lamang ng sakuping isip kundi ng kakulangan ng pagkakataon sa pagkakaroon ng mapapasukan dito.

Bukod sa rito, ang nananaig na kakuruan sa ulnayan (social science) ay hindi nakauunawa sa mga tunayin ng Pilipinong ulnong at nakahahadlang pa sa pagkaunawa nito. Ang pananaig ng Amerikahing kakuruan at mauliraning panunuri (idealist school of analysis) ay patuloy na nakapipigil sa sambayan na maunawaan ang kanilang ulnong.

Kalinangan at Paturuan

Ang pagkapaurong ng kabuhayang-bansa ng Pilipinas ay pinapananatili at pinatitindi pa rin ng nananaig na sakuping kalinangan na di lamang nangangalandakan ng alamat ng kabutihan ng Amerika, kundi pinalalawig ang pagpapalagay na lahat ng banyagang bagay ay lalong mabuti kaysa anumang Pilipino.

Kinailangan ang lakas ng Amerikano, bago at pagkalupig ng Himagsikan ng 1896, na sikaping isagawa agad

ang pamamaraan upang ang kamalayan na siyang nag-udyok sa mga Pilipino na maghimagsik ay mabilis na "mamulinyo" (reformed). Ang pangunahing pamamaraan na ginamit ng mga Amerikanong mandaraig (conquerors) upang ituga ang pag-unlad ng diwang Pilipino ay ang pagtatayo ng isang paturuan na kung tutuusin ay nagpairal ng isang lalong lingid na kaalipinan. Ang mga *ilustrado,* mamumuhunan at pangkat na ayon-Kanluran (pro-Western) ay nailagom sa bagong sakuping kaayusan bilang mga alipuris at tagapagsalita nito.

Nang ang bisa ng bagong paturuan ay magsimulang maramdaman, ang pagkamakatwiran ng Pilipinong labansakuping (anti-colonial) pakikitagis ay lumabo para doon sa mga Pilipinong naturuan ng mga bagong halga at kaisipan ng mapanakop na lakas; naging lalong malinaw na ang patakarang pampaturuan ng mga Amerikano ay inilaan para sa mga pampulitikang layunin.

Nguni't hindi nagtigil ang pakikitagis sa kapantayang pangkalinangan, na gaya din ng di pagtigil ng pakikitagis sa mga libis-nayon na naging larangan ng patuloy na paglaban kahit na pagkatapos ng nasasandatahang paghaharap ng mga lakas-Amerikano at ng mga labi ng mga hukbo ng Himagsikan. Sa panitikan ng panahong yaon ay matatagpuan pa ang mga pahayag ng mga nangungubling kaisipan na ang pagkalat ay magsasapanganib sa bagong kaayusan. Nagpatuloy na nagunita ang gayong mga kaisipan sa mga makabansang pahayagan, dula, tula, palibot at awit. Ang walang-taros na pagsugpo nito ay pagkilala sa panig ng sakuping untipunuan na ang kamalayan na siyang nagpapasya ng gawa ay di dapat itudla sa sakuping bansa.

Sa Pilipinas ngayon, ang mga kaisipan, halga at pamamalagay na siyang bumubuo at sumusuhay sa sakuping kamalayan ay bumibisa upang papanatilihin ang kairalan (status quo), sa pamamagitan ng pagpapalawig sa isang mauliraning ulnu-banwahing pananampalataya (socio-political faith) na nagtatago sa mapaniil na uri nito. Ang kaayusang pangkalinangang ito ay tinatampukan ng matinding pagsasalungatan: ang pagkamakaagham na katangian ng kalalanging ulnong ay kapanabay ng mga pamahiin; ang pinakamatinding pagkamakasarili, kaugnay ng

pinakamapanilong na pananaw. Bagama't magkasalungatan, ang mga panig na sakupin at malaalipin ay mananatiling magkapanabay habang sila'y di-maitatakwil na bahagi ng bagunsakuping ulnong.

Ang paggitaw ng mga namumulok at mapanauling kilusang pangkalinangan, na wari'y tinatanggap bilang himagsik laban sa nangingibabaw na kalinangan, ay nagpapahiwatig lamang sa pagkabugok nito. Ang mga kilusang ito, na di nakakikilala at nakahahadlang sa sangkaping batayan ng umiiral na kalinangan, ay mapanlinlang na labasan ng di-kasiyahan sa bagunsakuping ulnong, kaya't nakapagpapatibay lamang sa kairalan.

Kung gayon, ang makabansang adhikaan ay dapat magsiwalat sa sambayanan na ang makaluma at makabagong mga kilusang pangkalinangan ay kapwa mapanlinlang; ang isang tunay na buhay at masiglang kalinangan ay makagigitaw lamang sa pagkalutas ng mga batayang suliranin ng Pilipinong ulnong.

Ang mga halga na nananaig sa Pilipinong ulnong ay kadalasang pinakakalat sa pamamagitan ng wikang Ingles. Ang paggamit ng Ingles sa mga paaralan ay nagbunga ng pagpapadali sa pananaig na pangkalinangan sa pamamagitan ng nabihag na santauhing pabatiran (mass media) at iba pang pangkalinangang kagawaan (agency), kaya't matatagpuan natin na ang paturuan sa bayang ito ay nagpupuno sa mga layunin ng Amerikahing patakaran. Gayon man, dapat pansinin na ang pagkalat at pagtutumibay ng mga sakuping halga ay nangyayari di lamang sa pamamagitan ng santauhing pabatiran sa Ingles kundi maging sa pamamagitan ng karamihang pelikula, aklat at magasin sa Pilipino at iba pang wika.

Wika

Ang pagpapairal ng wikang pambansa ay mahalaga maging sa kagya't man o matagalang pananaw. Ang pagkakawatak-watak ng bansang Pilipino ay pinalalawig ng suliranin ng wika bilang isa sa ilan pang sanhi. Ang pagsasaisa ng mga maunlad na uri ng Pilipinong ulnong para sa tandisang hakbang laban sa banyagang supil ay nasasagwilan ng di-sapat na saunlad ng isang panlahat na wika. Hinihingi ng mga pangyayari na ang pambansang wika ay manatiling Pilipino, sapagka't ang batayan ng patuloy na saunlad nito ay sapat nang maitatag maging sa batas man

o sa katutohanan. Kinikilala ng MAN na ang pagkakaroon ng wikang panlahat, kapanabay ng mulintungo (reorientation) ng paturuan, ay mahalagang sangkap sa ikatatamo ng kailangang pagkakaisa ng mga makabayang bahagi ng santauhan (population) na kung wala nito ay walang pagbabago na maaaring mangyari sa Pilipinong ulnong.

Ang pinakamakahulugang sikap sa ating kasaysayan upang maisagawa ang ganyang pagbabago ay isinakatuparan sa pamamagitan ng ngayon ay naging batayan ng wikang Pilipino. Si Andres Bonifacio ang unang Pilipinong mapanagumpay na gumamit ng isang katutubong wika — Tagalog — bilang maanyong wika ng isang himagsikan na pinangunahan ng Katipunan laban sa Espanya. Mga palibot-liham, kapasyahan at kautusan na isinulat o sinalita sa Tagalog ang siyang nagsubo ng mga kawal sa labanan, nagpasya sa kapalaran ng mahahalagang tauhan at nagtala sa kinahinatnan ng malalaking halaga ng sangkap at ari-arian.

Ang paggamit ng Ingles ay naging sagwil sa pagkakaroon ng santaong Pilipino ng tutohanang kaalaman at tunay na kaularan. Bagama't nakabuti sa isang maliit na kapilian (elite), napanatili nito sa kamangmangan ang karamihan sa mga Pilipino. Dahil dito, ang paggamit at pagpapasigla sa Pilipino ay naging kagyat na pangangailangan.

Kung gayon, ang pangunahing gawaing pangkalinangan ng makabansang adhikaan ay ang pagpapalaya sa diwang Pilipino mula sa kanyang sakuping bilangguan, at ang pananandata ng diwang iyan ng pagkaunawa sa pamamaraan ng ikapagtatamo ng lubos na kasarinlan. Sapagka't ang namamalasak na kalinangan ay nakapaglingkod sa pampulitikang layunin na panatilihin at patibayin ang kaalipnan ng Pilipino, sa gayon ding paraan dapat maglingkod ang makabansang kalinangan sa saunlad ng kamalayan na kailangan upang matimbangan yaon. Ang mga kalagayang sumisiil sa sambayanan ay tunay; pangunahing gawain ng makabansang adhikaan ang turuan ang mga taong unawain ang mga kalagayang iyan at ang katugong kalutasan.

Patakarang Panlabas

Isang di-maiiwasang bisa ng pangkabuhayan, pampulitika at pangkalinangang pangingibabaw ng Amerika ay

ang "patakarang panlabas ng Pilipinas" na wala kundi padayon (extension) lamang ng patakarang Amerikano. Mula noong Hulyo 4, 1946, ang pamahalaang Pilipino ay nagmatigas-ulong sumunod sa tinagurian ni Senador Recto na "isang palatanghod at mapagpalimos na patakarang panlabas."

Ang pana-panahong pagpapalit ng lapiang nasa kapangyarihan ay di nakalikha ng makahulugang pagtatagliwas sa tinatanggap na alamat, na sa ating pakikitungong panlabas, ang kapakanan ng Pilipinas ay kaisa ng mga pampatigayong layunin (strategic objectives) ng E.U. Kapanagutan ng makabansang adhikaan na pawiin ang alamat na ito sa pamamagitan ng pagbibilad ng kanyang mapanirang bisa sa ating kabuhayang-bansa at ibang panig ng pamumuhay. Kung gayon, ang isang makabansang muling tungo ng ating patakarang panlabas ay dapat iturong na kahakbang ng ating pakikitagis para sa ganap na kanigpunuan (sovereignty) sa panihala ng ating mga suliraning pambansa at pakikitungong pandaigdig.

Bago pa man sumapit ang 1946 ay naitalatag na ng E. U. ang salalayan ng ating ipinangangalandakang "tanging pakikitungo". Ang pamahalaang Pilipino, samantalang tumatanggap ng maanyong palamuti ng kanigpunuan, ay mistulang ipinagparaya naman ang salik nito sa pamagitan ng pagpasok sa mga kasunduang nagpapanatili sa ating kalagayang palasandig. Ang pinakamatututulan at pinakabatayan sa mga kasunduang ito, mula sa paninindigan ng makabansang adhikaan, ay ang mga sumusunod:

1) Ang *Kasunduan sa Baliwasan ng Pilipinas-E. U.* ng Hulyo 4, 1946, na sinusugan ng *Kasunduang Laurel-Langley* ng Setyembre 6, 1955. Ang Kasunduang ito, lalo na ang susog, ay naggagawad ng karapatang pantayan sa mga Amerikahing mamamayan at sapian, at sa ganito ay napanatili ang kabuhayang-bansa ng Pilipins sa loob ng saklaw ng sagamit ng Amerika.

2) Ang *Kasunduan sa Tulungang Agimatin at Aghimuin* ng Abril 27, 1951. Itinatali ng Kasunduang ito ang Pilipinas sa agimatin at aghimuing palagawaan na itinagubilin ng *Pabahala sa Agimating Siyasig* (Pabahalang Bell ng 1951). Ipinangako nito na ang Pilipinas ay magbibigay sa pamahalaan ng E. U. ng mga patakaran at ibang

may kinalamang pabatid na maaaring kailanganin ng E.U. upang mapag-alaman ang likas at saklaw ng mga kilusin sa ilalim ng Kasunduan. Kinakailangan din na ang Pilipinas ay magpadala sa Estados Unidos ng mga sangkap na maaaring o talagang kapos doon.

3) *Mga Kasunduan sa Sakahing Kalakal.* Sa ilalim ng tadhana ng mga kasunduang ito, ang Pilipinas ay bibili ng mga sakahing lalang ng E. U. Ang mga halagang ibinayad sa mga bilihing ito ay ilalaan para sa mga palagawaan sa pampaturuang palitan na pinangangasiwaan ng Pasuguan ng E. U. sa Maynila.

4) Ang *Kasunduang Naggagawad ng Karapatan sa Pagpasok ng Mga Amerikanong Mamamaliwas at Mamumuhunan* ng Setyembre 6, 1953. Ang Kasunduang ito ay binalak upang magpagaan sa pagpasok ng mga kapitalistang Amerikano nguni't ginagamit din para sa pag-angkat ng mga tauhang tagapamahala ng mga Amerikahing sapian.

5) *Kasunduang sa mga Hukbuhing Takad* ng Marso 14, 1947. Inilalaan ng Kasunduang ito ang ilang malalaking sukat ng lupain ng Pilipinas para sa mga hukbuhing katatayuan ng E. U. Ang mga takad (bases) na ito ay di lamang nagtatambad sa Pilipinas sa panganib na madamay sa pakikidigma sa maraming kaaway ng Amerika, kundi nagsisilbi ring pasukan ng mga ipinupuslit o di-ibinubuwis na bilihin, at batis ng katiwalian para sa ating sambayanan, at kung ang mga Pilipino ay makapaghalal ng makabansang pamahalaang may mga patakarang di masang-ayunan ng E. U., ang mga takad na iyan ay maaaring gamitin sa pamimilit sa ating pamahalaan upang baguhin ang mga patakaran nito.

6) *Kasunduan sa Hukbuhing Tulungan* ng Marso 21, 1947. Ang Kasunduang ito ay nagtatakda ng mga Amerikanong tagapayo sa iba't ibang sangay ng Sandatahang Lakas ng Pilipinas. Isa sa mga kapanagutan na isinabalikat ng Pilipinas sa kasunduang ito ay ang pagbubunyag ng mga lihim na hukbuhing kabatiran sa ating mga Amerikanong tagapayo.

7) *Kasunduan sa Tambingang Tanggulan* ng Agosto 30, 1951. Ang Kasunduang ito ang siyang nagpapalubos at nagsasaanyo sa pagkakasangkot ng Pilipinas sa mga hukbuhing layunin ng mga Amerikano.

8) *Kasunduan sa Sama-Samang Tanggulan sa Timugsilangang Asya* ng Setyembre 8, 1954. Ang Kasunduang ito ay kinatha sa kagagawan ng mga Amerikano upang biguin ang Unawaan sa Heneba ng 1954 na itinagubilin ng E. U. nguni't palihim na pinawalang-saysay. Salunga't sa ipinahihiwatig ng pangalan, ang maramihang-panig na Kasunduang ito ay binubuo ng dalawa lamang na bansa sa Timugsilangang Asya, isang Asyahing bayan na nasa labas ng danay (region) ng Timugsilangang Asya, tatlong bansang di-Asyahin at ang mga puting malasariling pamahalaan ng Australya at Bagong Selanda.

9) *Kasunduan sa Palagawaan ng "Peace Corps"* ng Oktubre 31, 1961. Ang Kasunduang ito ay nagpapapasok sa mga "kusangloob" na "Peace Corps" sa ating bayan, gayong mula sa karanasan ng mga bansa sa Amerikang Latin at Aprika, lumalabas na ang "Peace Corps" ay kadalasang sumasalingit sa mahalagang sulok ng kanilang ulnong at hanggang sa nakikialam sa kanilang mga panloob na suliranin.

3. Saunlad ng Pagkamakabansang Pilipino

Ang kalagayan na ilan lamang sa panig ng ulnong ang nakikinabang sa mga di-timbang na ulnunging pagsasamahan ay humahantong sa di-mapigilang saunlad ng kalagayan ng pangwakas na pagkapawi nito sa kamay niyong pinagtatangkaan nilang sikilin. Ang tukuyang katayuan nito — mga manggagawa, magbubukid, manunungkulan at isipnon (intellectual) at mga pambansang kapitalista — ay naglalagay sa kanila sa pangunang hanay ng kilusan para sa ikatatamo ng kahigpunuan (sovereignty). Kautangan ng mga pangka't na ito na pawiin ang lahat ng anyo ng banyagang supil sa ating ulnong.

Sa ating bagunsakuping ulnong, ang lakas ng Amerika ay kadalasang pinaiiral sa pamamagitan ng katutubong kapilian (elite) na may mga agimating kapakanan na kaisa ng mga kapakanan ng Estados Unidos. Tulad ng sa ibang digaunlad na bayan, ang ating agimating kaayusan ay may dalawang katauhan. Kabungguang-balikat ng malaaliping sakahing panig ang lalong maisig (dynamic) na kapitalista, kalalangin at kalakaling panig. Dapat banggitin na, katugon ng dalawahang hulwaran ng kabuhayang-bansa,

ay may dalawahang hulwaran ng mga ulnunging saray; ang dalawang panig ay kapwa matinding nahihibuan ng mga pangkating ayon-Amerika.

Ang pampulitikang lakas sa malaaliping panig ay hawak ng mga asendero o malalaking maylupa na siyang lumalalang ng ating lansakang pagkain at mga sakahing kalakal na iniluluwas. Kadalasa'y tinatangkilik ng mga asendero ang mga Amerikahing patakaran, di lamang sapagka't sila ang unang nabibiyayaan ng baliwasang makiling sa Estados Unidos, kundi sapagka't nag-aakala sila na ang pagkanarito ng mga Amerikano ay nagsisilbing kalasag laban sa lalong mapusok na dikasiyahan ng magbubukid. Ginagaga nila ang malalaking bahagi ng yaman ng bayan at ang kanilang hawak sa pampook na pulitika ay mistulang ganap. Sa mga lalawigang may malalaking asyenda, ang mga asendero ay naghahawak ng matataas na tungkulin sa pamahalaan; ang iba pang mga alipuris ng pamahalaan, kundi man asendero, ay mga alagad naman nito.

Ang panig ng kapitalista ay lalong masalimuot sa kayarian. Ang kasalimuutang ito ay dala ng kanilang sanga-sangang kapakanang sakahin, kalakalin at kalalangin. Samantalang ang bagong kalakalin at kalalanging uri sa Kanluran ay kinailangang makipaglaban sa mahigpit na pagtutol ng mga maylupa, ang kalakalin at kalalanging kapitalista sa Pilipinas ay kadalasang nagmamay-ari at nangangalaga rin sa kanilang sariling malalaking lupa samantalang lumalahok sa panig ng kapitalista.

Karamihan sa mga kapitalista sa Pilipinas ay umiiwas sa tuwirang paglahok sa panlapiang pulitika. Gayon man, kahit na yaong umiiwas sa pulitika ay gumaganap ng mahalagang papel sa pulitika sa pamamagitan ng pagtustos ng salapi sa kanilang napiling kandidato para sa mga pambansang tungkulin, gayon din sa pamamagitan ng paghibo sa pagkatha at pagpapaganap ng mga pangmadlang patakaran.

Isa pang saray ng mga pambansang kapitalista ang sumibol sa panahon ng supil sa angkat at palitan. Kaiba sa kanilang mga kamamumuhunan na binabanggit sa unahan, ang mga ito ay lumalalang para sa mga panditong pamilihan, at gumagamit ng mga panditong sangkap. Nguni't ang kanilang pagyabong ay nauuntol sa bisa ng palagawaan

sa hisupil (decontrol) na ibinudlong ng mga Amerikano, at sa kasumunod na pagdagsa ng mga banyagang bilihin sa kagulat-gulat na dami. Ngayon, sila ay napipilitang makitagis laban sa mga sapiang Amerikano at mga buntabay (satellite) nito sa ilalim ng dipantay na kalagayan. May mga pangyayaring napilitan silang sumuko sa mga banyagang sarilakal (monopoly) at tumanggap ng tagibang na kasunduan sa paglilisensiya.

Sa takad (base) ng kayariang-lakas ay matatagpuan ang manggagawa, magbubukid at panggitnang uri. Ang mga pangkatin ng namamahalang lipon sa pulitika ay nangagkakandarapa para sa kanilang tangkilik sa halalan, nguni't ang kanilang tunay na paglahok sa pulitika ay hanggang sa pagpili lamang mula sa mga kandidatong inihanay ng mga makapangyarihang kapilian (elite) na rin. Gayon man, ang mga takaring panig ang siyang bumubuo sa mga lakas para sa pagbabago at kaunlaran. Upang maampat ang lumalaking di-kasiyahan ng mga napagkaitan, ang mga untipuno ay nag-aalok ng mga nakahihiling palagawaan ng mulinyo (reform). Sila ay walang-patumanggang nililinlang sa paniniwalang ang mga palagawaan ay para sa kanilang ikabubuti, nguni't ang tunay na layon sa likod ng panlilinlang ay ang takot na ang mga nasisikil at napagkakaitang santao ay magsasama-sama at makikitagis para sa kanilang kalayaan.

Ang MAN ay naniniwala na ang isang lahatang pagsasakilos ng lahat ng uhaw sa katarungan at pagkakapantay-pantay sa ating kasalukuyang ulnong, na itinuga sa isang malakihang gawaing pampulitika, ay siyang pangunahin at lubhang kailangang gawain sa pambansang pagpapamulinyo ng ating ulnong at agimatan.

II. ANG PANGANGAILANGAN SA ISANG BAGONG PILIPINONG ULNONG

A. Ang Tunay ng Kalagayan ng Pilipinas

Ang bagong ulnong na inaadhika ng MAN ay tunay na demokratiko. Ang kaayusan, mga tatagin at mga halga ng kasalukuyang ulnong ay nakatakod sa paglilingkod at kagalingan ng iilan lamang. Ang bagong ulnong na inaadhika ng MAN ay tutohanang demokratiko at bumibisa para sa paglilingkod sa, at kagalingan ng, sambayanan.

Ang tutohanang demokrasya ay nasa mabisang paglahok ng sambayanan sa pampulitikang lakas ng Banwa (State) at nasa kanilang makahulugang pagtatamasa ng kalayaan. Hindi ito nagwawakas sa payak na pagboto. Ang pangwakas na pagsubok sa kung mayroon ngang tunay na demokrasya ay nasa pagsulong ng kapakinabangan at kagalingan ng sambayanan mula sa mga gawa ng mga inihalal sa tungkuling-bayan.

Marami sa mga naghahawak ng tungkuling-bayan at lakas-banwa sa Pilipinas ay nangaging kasangkapan lamang ng mga makapangyarihan at nangagbabatong kapakanan, kasama na ang sa mga dayuhan. Ito ang sukatasahang bunga ng isang ulnu-agimating kaayusan na tinatampukan ng pamimisan ng kayamanan at lakas ng salapi sa kamay ng iilan. Kung tutuusin, ang agimating lakas ay pampulitikang lakas, at sa kamay ng iilan, tulad nang dito sa Pilipinas, ito'y magbubunga ng pagsupil ng pampulitikang saayos para sa kanilang kalamangan, sa kapariwaraan naman ng lahatang kagalingan.

Ang pagkakapisan ng agimating lakas sa Pilipinas ay mahihinuha sa katutohanang 90% ng ating mga mag-anak, sang-ayon sa Kawanihan ng Senso, ay may taunang kita na kulang pa sa ₱5,000. Tanging 1% lamang ng ating mga mag-anak ang may taunang kita na higit sa ₱24,000 o ₱2,000 bawa't buwan. Hindi iiral ang tutohanang demokrasya kung 90% ng santauhan ang namumuhay sa mistulang kaalipnan at kagutuman samantalang ang iilan ay nagpapasasa sa makasalanang kayamanan.

Bukod sa rito, yaong nananarili sa agimating lakas sa bayang ito ay kadalasang mga di-Pilipino, mayayamang dayuhan at mga dambuhalang sapiang pandaigdig na ang mga ari-arian at pananalapi ay sapat upang magawang takutin at ilungan ang mga pulitiko at pangulong Pilipino.

Napakalakas at napakadimapaglabanan ang banyagang agimating lakas, lalo na ang Amerikahing lakas, kaya't dili iba kundi ang naging Pangulong Macapagal na rin ang nagsabi sa isang talumpating pangmadla na ang mga pangulong Pilipino ay nakaaabot sa pinakamataas na tungkulin bilang "kandidato" ng mga Amerikahing kapakanan. Pinatunayan lamang niya ang isang bukas na lihim para sa mga taong mulat.

Masusukat ang agimating lakas at bisa ng mga sarilakal (monopoly) sa Pilipinas ng katutohanang sila ang pinaggagalingan ng di-kukulangin sa 50% ng mga buwis na nasisingil ng pamahalaan. Inamin ng Lakansugo (Ambassador) ng E. U. na ang mga bahay-kalakal ng Amerika lamang ay nakaaambag ng mga 20% ng kitang-buwis (tax revenue) ng pamahalaan ng Pilipinas.

Ang mga dayuhan ay nagmamay-ari, sumusupil at nangingibabaw sa mga kalalang na kaugnay ng petrolyo, gamot, goma, plastik, pataba, kapnayin (chemical), ginto, tanso, bakal, mabibigat na kasangkapan at ibang mahahalagang lalang. Nananaig sila at sumusupil sa mga baliwasang pamahagi gayon din sa pangunahing panig ng ating luwasang pamilihan. Sila ang nagmamay-ari ng pinakamalalaking bangkong pangalakal, samahan sa siguro at tataging pampananalapi. Nagkakaisa sila kaya't nakakikilos nang magkapanabay sa pamamagitan -ng kanilang iba ibang kapulungang pambaliwasan at pangalalang, nakagagamit sa paglilingkod ng pinakamahusay na tagapayong pampananalapi at pambatas — at maging ang marami sa ating mga pulitiko ay naglilingkod bilang tagapayo at kasangguni nila.

Mahalagang bahagi ng agimating kapiliang Pilipino ang nakatali sa pamayanang banyaga sa pamamagitan ng isang balag ng mga pampananalapi at pangkabuhayang ugnayan, na ang karaniwan ay yaong tinatawag na "sanibang sikap" (joint venture), at dito ang nakasangkot na Pilipino ay kadalasang wala kundi pangalwahin at munting kasama sa hanapbuhay. Ito'y nangangahulugan lamang na ang ilang Pilipino at dayuhan ay nangagpapalakas ng katayuan ng isa' isa sa ating kabuhayang-bansa.

Ang mga litaw na kabilang ng kapiliang Pilipino ay kadalasang wala kundi mga sunud-sunurang kasama ng banyagang hanapbuhay. Ang mga nangingibabaw na kaanib na ito ng ating agimating buhay ay nagbabayad ng pinakamalalaking buwis tulad ng ipinakikita ng isang talaang inilathala kamakailan na ang isang sipi ay kalakip sa Talaadhikaang ito. Ang mga dayuhan ay maaring gumamit ng mga litaw na Pilipino sa pansarili at pampamahalaang panig upang itaguyod at ipamarali ang mga patakarang makababuti sa kanilang kapakanan nguni't makasama sa kapakanan ng Pilipino. Isang halimbawa ang panukalang batas ni Senador Tañada laban sa pagtatangi (anti-discrimination), na binetohan ng Pangulo dahil sa pagtutol ng mga kilalang Pilipinong may hayag na pagkakaugnay sa mga Amerikahing kapakanan.

Ang agimating lakas ng mga dayuhan ay nangangalat at bumibisa sa diagimating lawak ng ating pambansang buhay, pulitika at pamahayagan. Halimbawa, ang kanilang malakas na hibo sa ating pamamalakad na pampulitika ay mahahalata sa pangyayaring bagama't maraming naiharap na panukalang-batas na nagsasa-Pilipino sa mahahalagang lawak ng ating kabuhayang-bansa, dalawa lamang ang nakalusot at naging batas. Ito ay ang Batas sa Tingian (Retail Trade Law) at ang batas na nagsasa-Pilipino sa kalalang ng bigas at mais. Ang iba pa, tulad ng sa-Pilipino ng pantaw (credit), saayos ng kalalang ng petrolyo, ang sa-Pilipino ng angkatan at iba pa, ay nangabimbin sa Batasambansa. Ang mga banyagang agimating munakala ay natutulungan ng kundi sariling kapakinabangan ay kakulangan ng makabansang kamalayan ng marami sa mga Kagawad ng Batasambansa.

Ang palagawaan sa hisupil (decontrol program) ay isa pang halimbawa ng paghubog sa mahalagang patakaran ng bansa upang mapagbigyan ang mga dayuhang mangangalakal at ilang lipong Pilipino, sa kapanganyayaan ng mangangalakal at santaong Pilipino. Ang patakarang ito ang nakapagwasak sa nagsisimulang sikap sa Pilipinong sakalalang, at nagbunga ng pagsuko ng mga panditong hanapbuhay sa pagmamay-ari at supil ng dayuhan. Lalo pa manding mapait na ang hisupil ay nakapagpabalik sa diin ng ating saunlad patungong sakahan at palayo sa sakalalang (industrialization).

Ang isang ulnong na lugami sa malubhang pagkakatagibang ng pamamahagi ng yaman at kita ay walang salang magkakaroon ng dalawang pamantayan ng katarungan: isang para sa mayaman, at isang para sa dukha. Sa isang dako, may labis na pansariling kalayaan para sa isang itinatanging nakauunti at, sa kabila, may pagkakait nito sa nakararami.

Sa maikling sabi, dahil sa pamimisan ng yaman sa bayang ito, ang malaking santao ng naghihikahos na bayan

ay nawawalan ng makahulugang paglahok sa pampulitika at pampangasiwaang saayos (administrative processes) ng Banwa (State). Ang kanilang paglahok sa saayos na ito ay karaniwang napipisan lamang sa pagboto — at dito man, dahil sa kanilang karukhaan, marami sa kanila ang inuudyukan ng pangangailangan na bumoto kahit labag sa kanilang kalooban bilang ganti sa anumang utang-na-loob. Dahil sa karukhaan na tumatanikala sa kanila, karamihan sa ating sambayanan ay nagtatamasa ng guniguning kalayaan.

Ang salik ng kalayaan ay may-lamang pagkakatumbas. Dili kaya'y ang karapatan man lamang sa katumbasan ng ulnungin, pampulitika at pang-kabuhayang pagkakataon. Nguni't ito'y di mangyayari kung ang yaman ng bayan ay naging sariling ari ng iilan; yaman ang siyang nagpapasya ng pagkakataon at nagbibigay ng kakayahan doon sa mga naghahawak nito na pilitin yaong sumasalig sa kanilang lakas.

B. Pamamaraan ng Bagong Imperyalismo

Ang sinadyang pagtatamo ng bagong demokratikong ulnong ay maaari lamang kung may pagkaunawa di lamang sa katangian ng Pilipinong ulnong at ang mga lakas na bumibisa dito, kundi sa kasalukuyang pandaigdig na pangangailangan ng imperyalismo at ang mga paagi (tactics) na kanyang sinaunlad bilang tugon sa nasabing pangangailangan sa Pilipinas.

Dalawang pangyayari sa kasalukuyang kasaysayan ang nagbibigay-liwanag sa pampaaging pagsasaayos sa patigayon (strategy) ng imperyalismo: (1) ang pagtindi ng tagisan ng mga pangunahing kapitalistang bansa sa daigdig, at (2) ang tumitinding kapusukan ng mga kilusang makabansa sa Asya, Aprika at Amerikang Latin. Dahil sa unang pangyayari, ang Estados Unidos ay di na ngayon nag-iisa sa pagsusumikap na mabigyang-kasiyahan ang pangangailangan ng mga sarilakal para sa hilaw na sangkap, pamilihan at larangan ng pamumuhunan. Sa suliranin ng hilaw na sangkap lamang, ang mga yaman ng "Malayang Daigdig" ay halos di sapat upang tustusan ang pangangailangan ng Amerika. Subali't dapat alagatain na ang pangangailangan ng Europa para sa gayon ding hilaw na sangkap ay naging singtindi rin ng sa E.U.

Ang suliranin ay nag-iibayo sa lahat ng bansang kapitalistang ito sapagka't ang mga lalang at labis na puhunan ng bawa't isa ay nakikitagis sa iisang pamilihang pandaigdig at larangan ng pamumuhunan. Nangangahulugan ito na ang mga bayan ng Asya, Aprika at Amerikang Latin ay lalong naging dimaitatakwil para sa nangauna. Dahil dito'y di sukat asahan na bibitiwan ng Amerika ang kanyang kapit sa Pilipinas.

Bukod dito, ang naglalatang na kapusukan ng mga makabansang kilusan sa Ikatlong Daigdig ay nagtatayo ng malaking sagwil para sa pamamahalang imperyalista. Sa pinakamaliit niyang antas, ang mga kilusang ito ang siyang namumuno para sa agimating saunlad at pagtatamo ng lalong masaganang buhay para sa sambayanan. Dahil dito, ang mga bayang imperyalista ay hindi makapagpanatili sa kanilang subok-ng-kasaysayang pakikipanig sa mga malaaliping untipuno (feudal oligarchy). Ang pagpapanatili sa malaaliping untipunuan, halimbawa, ay magbubunga lamang sa pagpapanatili sa pagkamalaalipin (feudalism) bilang nangingibabaw na paraan ng paglalang. Ang karagdagang bunga nito ay ang pag-aapoy ng himagsikan. Lalong mahalaga, magiging ibayong mahirap para sa mga bayang imperyalista ang pagpapatagos ng puhunan at ang pagluluwas ng mga bilihin.

Makapagpapalit ng paagi ang mga pangunahing bansang kapitalista nang hindi kakailanganing bitiwan ang kanilang mga batis ng hilaw na sangkap, pamilihan at larangan ng pamumuhunan. Maaari nilang tangkilikin at patnubayan ngayon ang isang anyo ng kapitalismo sa Ikatlong Daigdig. Sa pamamagitan ng mga "sanib na sikap" at ng pagpapatibay sa pangingibabaw na tiniyak ng mga dayuhang kapitalista para sa kanilang sarili sa mga nakaraang taon, at ng pagpapasigla sa lalong maraming mga kalalangan sa mulimbalot (repackaging), mulimbuo (reassembly) at mulinsaayos (reprocessing) ng mga kinamihasnang luwasin ng mga bayan ng Ikatlong Daigdig, maaari pa rin nilang matamo ang nais samantalang sinusugalan ang mga kahingian ng mga santao para sa lalong mabuting pamumuhay.

Ang bagong sakuping kakuruan ay maaaring sabihing ang pagtataguyod ng pangkapitalistang saunlad sa Ikatlong Daigdig sa ilalim ng pamumuno ng mga banyagang

sarilakal. Ito ang dahilan kung bakit ilang bansang suki ng Estados Unidos ang nagpasimuno, sa masigasig na tangkilik nito, ng mulinyo sa lupa, mulinyo sa buwis, pabuti sa pangasiwaang-madla, palagawaan sa saunlad ng pamayanan, at iba pa. Lahat ng mga ito ay nagtutulot na managumpay ang ilang anyo ng panditong kapitalismo.

Ipinahihiwatig lamang nito ang pangangailangang kilanlin ang pagkakaiba ng dalawang maaaring maging anyo ng sakalalang: isang isinasagawa para sa tanging kapakanan ng imperyalistang pakinabang, o *sakuping sakalalang;* at isa na pinapatnubayan at tinitiyak ng kapakanan ng sambayanang Pilipino at nasasalalay sa paggamit nito ng pampulitikang lakas, o *makabansang sakalalang.*

Ang sakuping sakalalang ay makabubuti kapwa sa malaking maylupa at banyagang sapian, samantalang nagbibigay ng malikmatang batayang pabuti gayong hindi naman bumabago sa makahulugang paraan sa mga kalagayan na nagpapahirap sa mga santao.

Sapagka't magkakaroon ng kapansin-pansing pagbuti sa pamumuhay ng ilang panig ng santauhan, ang paaging ito, kundi maibubunyag, ay makapagbibigay sa mga laban-makabansa di lamang ng sandata upang sumangin ang dalumat ng pagtatamo ng pambansang lakas bilang pasubali sa pagkakaroon ng pagbabago, kundi magiging pamamaraan upang ganyakin ang ilang panig ng makabansang adhikaan na pabayaan ang kanilang laban-imperyalistang paninindigan. Ang mga panganib na nagmumula sa patigayong ito ay malinaw.

Kalikasan ng Bagong Pamamaraan

Ang sapul-digmaang imperyalismo ay nakalikha at dumalisay ng mga bagong paraan sa pananatili ng laman at pakinabang ng kanyang dati at pangkasaysayang layunin. Sa pagkakaalam na dapat siyang kumilos sa loob ng balangkas ng damdaming pandaigdig na natutong magsumpa sa imperyalismong kaugnay ng panlulupig sa mahihina at digaunlad na mga bansa, ang bagong imperyalismo ay lumikha ng lingid na anyo ng pagsasamantala at paniniil. Kailangang ito ay maipaunawa at maibilad sa ating sambayanan sapagka't ang bagong imperyalismo ay talagang lalong garapal at mapanganib. Nililibang nito ang kanyang

mga biktima sa kasiyahan at nililinlang sila samantalang pinagsasamantalahan.

Isang pampatigayong sandata ng bagong imperyalismo ay ang dalumat ng sakalalang na nagpapalagay na ang mga dating sakupbayan, tulad ng Pilipinas, ay di makapagaadhika sa agimating saunlad sa pamamagitan ng sakalalang kung walang adya ng banyagang puhunan. Ang salalayang palagay nito ay ang kaisipang ang mga papaunlad na bansa ay salat sa mga yamang puhunan na magagamit sa pagpapaunlad kaya't dapat umasa sa mga pamumuhunang banyaga para sa agimating saunlad.

Mula nang Kalayaan noong 1946, ang mga tagagawa ng patakarang Pilipino ay nahibok ng mga tagapagsalita ng kapakanang banyaga, lalo na ng Amerikahing pamahalaan, na maniwalang ang ating saunlad at pagyabong bilang isang bansa ay nakasalalay sa ating kakayahang umakit ng banyagang pamumuhunan. Paulit-ulit na sinabi sa atin na ang sakalalang ay nangangailangan ng puhunan nguni't kulang ang puhunan sa ating bayan, kaya't di maiiwasan ang banyagang pamumuhunan. Batay sa pangangatwirang ito, ang ating sambayanan ay napaglalangang tanggapin ang kasumpa-sumpang Susog sa Pantayan sa ating Saligambatas.

Nguni't tahasang ipinakikita ng kaulatan (statistics) na sa halip nang tustusan tayo ng puhunan, kinunan tayo ng mga banyagang mamumuhunan at sa katutohanan ay nanalig sila sa mga panditong batis ng puhunang kailangan ng kanilang iba't ibang sakilos sa bayang ito.

Halimbawa, sa mga taong 1962-1968, matapos mahibok ang pamahalaang Pilipinas na mag-alis ng supil sa angkatan at palitan upang maakit ang mga banyagang pamumuhunan at magawang kahali-halina para sa kanila ang kapaligiran sa Pilipinas, ang mga dayuhang mamumuhunang iyan, sang-ayon sa kaulatan mula sa Lunduyang Bangko (Central Bank), ay nagpasok sa bayan ng $173 angaw, nguni't naglabas ng di-kukulangin sa $408 angaw.

Sa nasabi ring panahon, sang-ayon pa rin sa kaulatan ng Lunduyang Bangko, ang mga dayuhan ay umutang ng dalubtalaing halagang (astronomical sum) ₱8 bilyon, o $2 bilyon, mula sa ating panloob na kaayusang pagbabangko

upang tustusan ang kanilang maraming hanapbuhay sa bayang ito. Sa pagpapahintulot na kumilos at manupil dito ang mga hanapbuhay na banyaga, natutulutan natin ang pagpapatuloy ng patakarang mapagsamantala na dinanas natin bilang sakupbayan (colony). Napakiusapan tayong tanggapin ang banyagang hanapbuhay (foreign business) sa Pilipinas sa pangangatwirang kulang tayo sa puhunan kaya't sila ang tutustos niyon sa atin.

Nitong dakong huli, nadama ng mga banyagang mamumuhunan ang kahinaan ng kanilang katayuan sa Pilipinas at ibang papaunlad na bayan. Dahil dito'y binago nila ang kanilang patigayon, at sa halip nang kumilos na nagiisa, nag-aanyaya sila ng mga kabakas na Pilipino sa mga "sanibang sikap" (joint venture). Ang nangyayari'y nakapagpalakas lamang ito sa katayuan ng dayuhang hanapbuhay sa kayariang-lakas ng Pilipinong ulnong. Ang kabakas na Pilipino ay nakapagbibigay sa sikapan ng isang "panditong kulay" (local-color), at nakasasangga sa lagapak ng pula at siyasat ng madla. Sa maraming pangyayari, ang kabakas na Pilipino ay nagsasalita para sa kapakanan ng kanilang kapanig na dayuhan, sa kapinsalaan ng mga santao. Isang halimbawa nito ay ang panukalangbatas laban sa pagtatangi (anti-discrimination bill) ni Senador Tañada, na binetohan ng Pangulo sapagka't tinutulan ng mga mangangalakal na Pilipino na nasasanib sa mga kapakanang banyaga.

Kadalasan, ang tinatawag na kabakas na Pilipino ay wala kundi mga kaanib ng namamayaning kapilian (elite), na sa kasaysayan ay nagmulang yumaman nang tumanggap ng mga biyaya at pagtatangi mula sa mga pinunong Kastila at Amerikano ng sakuping pangasiwaan. Ang pagtulong ng makapangyarihang panig ng kapiliang ito sa mga dayuhang mangangalakal ay nagbunga sa pagpapanatili at pagpapalawig sa mapagsamantalang bagunsakuping kaayusan sa Pilipinas.

Sa katutohanan, bagama't nasa kauntian sila, ang mga dayuhang mamumuhunan ang siyang sumusupil sa malalaking "sanibang sikap". Ang paniniyasat ng madla sa kanilang mapanupil na pakikilahok ay nahahadlangan sa pamamagitan ng iba't ibang patigayon.

K. Mga Gawain ng Adhikaang Makabansa

Ang pangunahing gawain ng adhikaang makabansa ay ang palayain ang sambayanang Pilipino mula sa banyagang supil, sa anumang anyo nito. Ang pagpapalayang ito ay mangyayari lamang kung matamo ang kasarinlang pampulitika, kung ang tunguhin ng pagyabong ng bayan ay nasa kamay ng Pilipino.

Ang karukhaan ay nakapagpapababa, nakauunsiyami sa diwa ng mga tao, nakapagkakait sa kanilang pagkakataong gamitin ang kanilang kakayahan at, sapagka't nakapipilit sa kanilang makitagis sa mababang kalagayan para sa karapatang mabuhay, naigigiit sa kanila ang mga halgang makahayop na nagkakait sa katutohanang sa ulnong natutupad ng mga tao ang sarili. Sa kabilang dako, ni ang MAN o ang kanyang mga kapatid na may adhikaing makabansa sa Ikatlong Daigdig ay di nagtuturing na ang kanilang pampatigayong layunin ay ang ginhawa ng katawan lamang. Nakikita ng sambayanan ang ganyang ginhawa ng katawan bilang di-maiiwasang hakbang para sa ganap na ginhawang panlahat — pangkaasalan, pangulnong at pang-isipan.

Ang pangunahing hadlang sa layunin ng makabansang adhikaan na matamo ang bagong demokratikong Pilipinong ulnong ay ang imperyalismo. Sa tuwiran o sa pamamagitan ng mga sakuping pamahalaan na pinangingibabawan nila, ang mga dayuhan ay nagsisikap na mapanatili ang kanilang supil sa ulnungin at agimating buhay ng Pilipinas sa pamamagitan ng pagtugaygay sa agimating saunlad na patungong sakuping sakalalang at, sa pamamagitan ng pangkalinangang pangingibabaw at laban-demokratikong hakbang, pumuputol sa kalayaan ng sambayanan na pagpasyahan ang sariling kapalaran. Ang siglaban (battle-cry) ng adhikaan, kung gayon, ay dapat maging *makabansang sakalalang* (*nationalist industrialization*) bilang laban sa sakuping sakalalang, at *pambansang demokrasya* (national democracy) bilang laban sa sakuping bansa.

Kailangang satatagin at itaas ng MAN ang kapantayan ng kamalayang pampulitika ng lahat ng mauunlad na pangkat ng Pilipinong ulnong—ang makabansang mangangalalang, mag-aaral, manunungkulan at isipnon (intellec-

tual), manggagawa at magbubukid. May tanging halaga ang pagkalagom ng mga liping nakauunti (ethnic minorities) sa adhikaang makabansa at sa pambansang pamayanan. Ang tinatawag na Suliraning Muslim, lalung-lalo na, ay magkakaroon ng makahulugang kalutasan kung ang batayan sa lubos na pagkalagom ay isasalalay sa loob ng lansakang pakikitagis para sa pambansang kalayaan at kung kasama nito ang tunay na pagkilala sa mga karapatan at kagalingan nila bilang Pilipino.

Dapat ibunsod ang isang malawak na pakikipagtagis na pangkalinangan upang maigupo ang umiiral na sakuping kalinangan (colonial culture). Ang palaadhikaan ng MAN ay napapatnubayan ng mga gawaing ito; ang lahatang simulain ay ganito: na ang mga tiyak na layunin na kailangang matupad ngayon at sa kagyat na hinaharap ay dapat makalagom sa makabansang lakas sa paraang mapapalitan ng isang bagong demokratikong Pilipinong ulnong ang mapaniil, dimakatwiran at dimakatarungang ulnong na ngayon ay umiiral.

Tulad ng ipinahihiwatig ng paksang-diwa ng palaadhikaan ng MAN, ang pangmalayuang layunin ng MAN ay ang pagtatamo ng Demokratikong Pilipinong Banwa: isang banwang pinamamahalaan ng mga Pilipino na walang banyagang himatong (foreign dictation) o supil, na nauukol sa sambayanan, at luwas sa pagsasamantala.

Tungo sa layuning ito, lalagumin, palalawakin at palalakasin ng MAN ang kaisahan ng lahat ng maunlad na lakas sa Pilipinong ulnong na lalo at lalo pa ay dapat maipahayag sa sinapupunan ng MAN. At sa kabilang dako, ang kaisahang ito ay dapat nakaugnay sa sambayanang Pilipino yamang and adhikaan tungo sa isang Demokratikong Pilipinong Banwa ay talagang kanilang adhikaan.

Ang mauunlad na panig ng ating ulnong na siyang makikinabang nang malaki sa mga batayang pagbabago na inaadhika ng MAN ay ang magbubukid, manggagawa, manununglkulan, isipnon at mag-aaral, ang makabansang maninikap at mangangalalang, at ang makabansang pulitiko. Sa mga panig na ito dapat sumibol ang mga pamuno ng adhikaan; ito ay isang pamumunong dapat makilala at matanggap sa tumpak na pagkaunawa sa kalagayang pam-

pulitika at sa pagkamataimtim sa mga gawain ng adhikaan.

Ang magbubukid sa buong bayan ay dapat maisatatag para sa tunay na sakahing mulinyo (agraraian reform), nguni't samantalang isinasatatag sila ay kailangang maipakilala sa kanila na dapat din silang makitagis para sa makabansang sakalalang na kaibayo ng sakuping sakalalang, para sa pambansang ulnungin at sariling kalayaan, at para sa kahigpunuan (sovereignty) ng sambayanan.

Ang mga kaisahang-manggagawa, kaunti lamang ang taliwas, ay napangingibabawan ng mga "lider" na mapagsamantala at ayon-Amerikano, na nanginginain sa kanila at pinaglilidiran sila patungong makikipot na "agimating" pakikitagis ("economistic" struggles). Ang mga manggagawa ay dapat isatatag sa diwang makabansa at demokratiko; ang mga "lider" na mapagsamantala, di-matapat at ayon-Amerikano ay dapat ibilad at itiwalag sa adhikaang pangmanggagawa.

Ang panggitnang uri ay naiilang at naghihirap dahil sa mga pambuntot na bisa ng sakuping kalinangan. Yaong mga nabibilang sa uring ito ay makikinabang sa makabansang sakalalang. Ang isipnon at mag-aaral ay dapat maudyukan sa lalong pagkamaugnayin at pagkamatining, sa ibayong lakas ng loob at kataimtiman, sa lalong masugid at mabisang paggawa lalung-lalo na sa sinapupunan ng mga naaaping santao.

Dapat maunawaan ng mga makabansang mangangalalang at makabansang pulitiko ang mga bagunsakuping patigayon at paagi na naglalayong wasakin, waling-bisa, pahinain o lagumin sila; dapat nilang mapagwaring buonglinaw na tanging kung taglay nila ang pambansang kalayaan at lakas maaari silang umasang makaambag nang lubusan sa tunay na kaunlaran at kasaganaan ng bayan.

Ang ganitong mga mauunlad na lakas sa Pilipinong ulnong ay dapat na maisatatag nang hiwa-hiwalay at gayon din, nang magkakasama sa loob ng MAN. Subali't ang pagsasatatag at pagtuturo ay dapat na maging magkaalakbay. Para sa layuning ito, hindi sapat na ang MAN ay magpalawak lamang ng panturuang gawain; dapat na maisangkot ang lahat ng mauunlad na lakas, nang hiwa-hi-

walay at magkakasama, sa lahat ng makabansa at demokratikong kilusang pangkalinangan.

Ang mauunlad na lakas sa loob ng Pilipinong ulnong ay dapat magsikap na matutuhan ang sagamit ng pambansa at pampook na halalan, upang maisulong ang layon ng demokratikong Pilipinong bansa. Dapat magkaroon ng mga hayag na talakayan na kasama ang mga pulitiko ng lahat ng mga lapiang pampulitika, gayon din ang iba pang mga pangkatin at katatagan na nagpapanggap na sila ay nakalaan sa kalayaan at kaunlaran, upang mayakag sa Adhikaan yaong mga mataimtim, at maibilad naman yaong mga sinungaling. Ang panahon ng halalan ay lagi nang pagkakataon para sa paniniwalat ng mga makabansa at demokratikong kaisipan, nguni't ang mga kaanib (kaadhika) ng MAN ay dapat umiwas sa pagkasangkot sa kinagawiang pulitika na para lamang maipanagumpay sa halalan ang ilang tao o pangkatin.

Ang Adhikaan ay dapat magsikap na matutuhan ang palaisigan (dynamics) ng tuwirang kilos ng sambayanan, sa pamamagitan ng mga pagpapahayag, aklasan kahilingan at ibang anyo ng pampulitikang kilos kung kailangan. Makapagtuturo ang ganyang tuwirang kilos sa sambayanan at kanilang pamunuan ng paraan sa paglutas sa mga suliranin ng santauhing kilos at ng kung paano magtatayo ng mga bagong lunduyan ng madlaing lakas. Ang Adhikaan ay dapat ding makipag-usap nang harapan sa karaniwang mga kaanib ng pulisya at sandatahang lakas upang maipamalay sa kanila ang mga layunin ng kilusan.

Lahat ng mauunlad na lakas, hiwa-hiwalay o magkakasama sa pamamagitan ng MAN, ay dapat magsikap na matamo at mapamalagi ang pagkukusa sa pambansang pagsisikap na ito. Ang MAN ay dapat magkaroon ng mga napapanahong paninindigan at magsimula ng mga kilos sa mahalagang lansakan at isahang suliranin, at dapat gumamit ng lahat ng pamamaraan upang hangga't maaari ay maabot ang lalong maraming Pilipino.

III. PATUNGO SA BAGONG PILIPINONG ULNONG

A. Sademokrasya at Saunlad ng Agimating Kaayusan

Ang lahatang gawaing magtayo ng Bagong Pilipinong Ulnong sang-ayon sa pagkadalumat sa mga sinundang pahina ay dapat baybayin sa isang tiyak na palagawaan. Sa larangan ng agimatan o kabuhayang-bansa ay sinisikap ng MAN ang sumusunod na mga tiyak na layunin:

1. Ang pagpapawalang-bisa sa mga di-mapakinabang na pakikipagkasunduan sa Amerika, tulad ng Kasunduan sa Agimatin at Aghimuing Tulungan (1951), ang Kasunduan Hinggil sa Karapatan sa Pagpasok ng mga Mamamaliwas at Mamumuhunang Amerikano (1953) at ang Kasunduang Laurel-Langley (1955). Gayon din, dapat itigil ang gawing pumasok sa mga kasunduan sa pag-aangkat ng mga sakahing kalakal at iba pang di-kapakipakinabang na pakikipagkasunduan.

2. Panunumbalik sa Banwa (State) ng mga hanapbuhay at sakahing lupa na natamo at ari ng mga Amerikano sa pamamagitan ng Pantayan, paglipas ng karapatan sa Pantayan.

3. Muling pairal ng supil sa angkatan at palitan upang maipagsanggalang ang mga maypagawaang Pilipino. Dapat bigyan ng pagkaluwas sa buwis, taguyod sa halaga, maramihang pantaw (credit) at iba pang makatutuiong na pampananalaping hakbang, sa mga mangangalalang na Pilipino upang mapasigla ang mga panukalang mapagbuong-puhunan (capital-forming) sa halip ng mga lalangan sa mulimbalot (repackaging) o mulinsaayos (reprocessing) lamang.

4. Pagpapairal ng mga pananggalang laban sa pagsibol ng mga sarilakal (monopolies). Ang ganitong mga sarilinang hanapbuhay, kahit na Pilipino ang may hawak, ay dapat buwagin sapagka't nagbubunton ng kagulat-gulat na agimating lakas sa kamay ng iilan. Dapat magkaroon ng takda sa mga dumaraming pakilos ng mga dambuhalang sapian upang mabigyan ng matimbang at makatwirang pagkakataon ang maliliit at katamtamang maninikap na Pilipino na mabuhay at umunlad. Gayon man, ang mga

pagamitang-madla na tulad ng saunlad, paglalang at pamamahagi ng dagitab, pasakayan at pahatiran ay dapat sabansain upang: (1) matugunan ang pangangailangan ng sambayanan sa lalong mababa nguni't makatarungang halaga, (2) daliin ang pagkakalat sa bayan ng mga saayusing hanapbuhay at (3) tiyakin ang pananaig at sagamit ng mga Pilipino sa lawak na ito.

5. Pagtatakda ng mga parusa, tulad ng tandisang pag-ilit, sa mga dayuhan at pati Pilipinong mananarilakal na gumagamit ng mga tau-tauhang Pilipino.

6. Pagpapatibay ng isang bagong palagawaan sa sakahing mulinyo (agricultural reform) na naglalayon, di lamang na mapataas ang kita ng magbubukid, kundi palayain sila nang lubos mula sa tanikala ng pangungupahan. Ang ganyang palagawaan ay maiiba sa kasalukuyang Kabatasan sa Mulinyo sa Lupa sa ganitong mga tikma (points):

a. Pagsamsam sa lahat ng malalaking asyenda at pamamahagi nito sa mga talagang lumilinang niyon, sa halagang sapat upang masambot ang mga gugulin ng palagawaan.

b. Pagbubukas ng lahat ng lupaing-madla (public lands) para sa paglilinang ng mga magbubukid na walang lupa at ang pagbibigay sa kanila ng lahat ng tangkilik ng pamahalaan.

k. Pag-ilit sa mga lupa niyaong humahadlang sa pagpapatupad ng Kabatasan sa Mulinyo sa Lupa (Land Reform Code).

d. Salapat (application) ng Mulinyo sa Lupa sa lahat ng lawak ng pagsasaka kailanma't maaari. Upang maiwasan ang maaaring pagbaba ng pagkamakalalangin (productivity) dahil sa pagkakahati-hati, dapat na maisatatag ang magbubukid at mabigyan ng buong kalayaan upang makapagtatag ng mga paluwagan (credit pool) at tangkilikan (cooperatives) ng mga manlalalang. Dapat din silang bigyan ng lahat ng aghimuanin (technological), pantawin (credit) pampamilihan at pampanaliksikang adya na kailangan upang mapakilos ang ang mga tangkilikan sang-ayon sa makabagong paraan.

e. Ang mga pantaw (credit) at ibang anyo ng pampamahalaang tangkilik ay daapt padaluyin sa pamamagitan ng mga tangkilikan ng magbubukid sa halip nang tulad ng paraan ngayon, na ang ganyang mga kaluwagan ay pinararaan sa mga bangkong-bukid (rural banks) at sa mga walang-bisang FACOMA, na kapwa napangingibabawan ng mga maylupa.

7. Pagkilala at pagpapaigi sa karapatan sa sarilingtatag (self-organization), kasama na ang karapatang makipagtalastasan at mag-aklas, ng lahat ng manggagawa. Ang mga arawan ay dapat ipagsanggalang laban sa pagmamalabis ng namamahala at ng mapagsamantalang kaisahan (union). Ang Batayang Kasulatan sa Paggawa (Magna Charta of Labor) ay dapat na puspusang masusugan upang maialis ang mga kabawalan, patibay at iba pang paghihigpit, pagdadahilan, pagkiling at panlilinlang na nakababawas sa bisa ng pinakabatayang karapatan at pinakamakapangyarihang sandatang pananggalang ng mga manggagawa — ang aklasan. Ang Hukuman ng Kalalanging Pagsasamahan (Court of Industrial Relations) ay dapat mapalitan ng isang tumpak na kagawaan (agency) na hindi magtataglay ng kapangyarihang pumigil sa aklasan at magturing na lapastangan ang nag-aaklas na mga kaisa (unionists).

8. Ang mga buwis, lalo na ang buwis sa kita at mana, ay dapat gamitin upang takdaan ang ari-ariang lumilikha ng yaman.

9. Pagkilala sa di-maitatakwil na karapatan ng bawat mamamayan na mamuhay sa isang paraang nararapat sa isang tao. Ang ulnong ay dapat magbigay sa kanya ng kinakailangang kita kapag ito ay kulang sa matatanggap na pinakamaliit na halaga sa kabila ng kanyang pagsisikap, pagnanais at kahandaang-loob na maghanapbuhay. Ang karapatan sa ganap na hanapbuhay ay kapanagutan ng banwa.

10. Pagpapatibay sa isang binalak at malukubing palagawaan sa mabigat na sakalalang (heavy industrialization) na aring-Pilipino upang maiwasak ang katangitanging hulwaran ng paglalang ng hilaw na sangkap at pag-angkat ng niyaring bilihin.

11. Sabansa ng mga pampatigayong panig ng kabuhayang-bansa tulad ng mapagkukunan ng lakas-dagitab, pahatiran, pasakayan, paglalang at pamamahagi ng lakas-dagitab, at sa-Pilipino ng paggamit ng panloob na pantaw (credit).

12. Pagbubukas ng baliwasang-ugnayan (trade relations) sa lahat ng bayan, maging anuman ang palakuruan (ideology) ng mga ito, upang mapalawak at mapalaki ang batis ng ating mga inaangkat at ang pamilihan ng ating mga iniluluwas.

13. Paggamit ng tunay at maayos na pagbabalak bilang tuntungang-bato ng anumang palagawaan para sa pagbabago at saunlad, di gaya ng pampana-panahon at paulit-ulit na pagsasalaysay at pagtatala ng mga ipinangangalandakang layunin.

14. Ang paghawak ng banwa (state) sa mga pangmaninikap na gawain (entrepreneurial functions) sa halip ng paghihintay na ang mga pansariling maninikap (private enterprise) ay pumasok sa mga hanapbuhay na mapagsapalaran at di nangangako ng dagling pakinabang.

B. Sademokrasya ng Ulnunging Kaayusan

Ang pansariling kalayaan at tauhing karapatan, bagama't tinitiyak ng batas, ay hindi magkakaroon ng tunay na kahulugan habang naghahari ang mga ulnunging pagtatangi-tangi. Dahil dito, ang MAN ay magsisikap na matamo ang sumusunod na mga ulnunging layon:

1. Pagpapatibay ng isang kaayusan ng bigaypala sa walang trabaho upang matiyak ang makataong pamumuhay para doon sa nais mang magtrabaho ay walang mapasukan sapagka't sumapit na sa gulang ng pamamahinga o kaya'y may kapansanan sa katawan.

2. Pagpapairal ng isang bagong kaparaanan na may ibayong pagkahutukin (flexibility) sa pagtaya ng kubdulang sahod (minimum wage) upang ito ay lagi nang maisaayos sa laging tumataas na mga kapantayan ng halaga at sa nagbabagong mga pampook na kalagayan.

3. Pagbabago ng palakuruan na pinagbabatayan ng palagawaan ng pamahalaan sa ulnunging kagalingan (social welfare) upang, sa halip ng pangkagipitang paglilingkod lamang, ang mga kagawaang katulad ng SWA at iba pang maaaring itatag ay makapagbigay ng kailangang ulnunging paglilingkod (social services) tulad ng palagamutan (medical care), pauspital, pabahay, paturuan at paalagaang-sanggol (children's nurseries) para sa kaninuman batay sa pangangailangan at hindi sa kakayahang magbayad. Sa ilalim ng bagong pamamalagay na ito hinggil sa ulnunging kagalingan, ang sumusunod na mga mulinyo (reform) ay dapat ipatupad:

a. Ang panggagamot at ang pagbibigay ng lingkod-manggagamot (medical service) at lingkod-uspital ay dapat ituring na mga gawaing nadaramtan ng kapakanang pangmadla. Ang kailangang ulnunging paglilingkod na tulad ng sa manggagamot at pang-manggagamot na mang-aaghimo ay di dapat ibaba sa kapantayan ng mga kalakal na sumasailalim ng mga agimating batas na siyang nagpapasya sa mga halaga ng kalakal.

b. Katungkulan ng Banwa na magbigay ng walang-bayad na pauspital at palagamutan sa kanyang mga mamamayan.

k. Ang Banwa ay dapat magsaayos sa mga gawain at patakaran ng lahat ng paaralan upang makamtan ang lalong mabilis na sademokrasya ng ulnong.

d. Dapat magbigay ang pamahalaan ng sapat na pampananalaping alalay sa lahat ng dalubhasaan at pamantasang aring-Pilipino, at dapat magpairal ng mabisang panupil upang matigil ang gawang pakilusin ang mga paaralang nasabi bilang mga pangalakal na samahan.

4. Pagtatayo ng mga paalagaan (nursery) at laruang paaralan (kindergarten schools) na may mga sanay na nars at guro — upang maisban sa mga gawaing pantahanan ang mga dukhang ina na kailangang maghanapbuhay, at sa ganito ay makatulong sila sa kanilang mga bana (asawang lalaki) sa paghanap ng kabuhayan ng mag-anak.

K. Sademokrasya ng Pampulitikang Kaayusan

Ang sademokrasya ng kaayusang pampulitika ay patuluyang saayos (process) na magtutulot sa sambayanang matamo ang kanilang sukdulang pampulitikang saunlad sa ilalim ng umiiral na kaayusan, bilang paghahanda sa pagtatamo ng mga batayang pagbabago sa loob ng nasabi ring kaayusan sa kanilang paghagibis patungong pambansang kalayaan at pangmadlang kahigpunuan (sovereignty). Ang mga pagbabagong ito ay maghahatid sa sambayanan sa lalong mataas na antas ng pampulitikang saunlad.

1. Sapulitika ng Sambayanan

a. Ang MAN ay daapt sumanib at tumulong sa sambayanan sa paghahayag ng kanilang tunay na pangangailangan at kahingiang pampulitika.

b. Ang MAN ay dapat umabuloy sa katuruang pampulitika ng sambayanan hinggil sa dalumat (concept) at sagawa (practice) ng tunay na demokratikong Pilipinong ulnong.

k. Dapat pasiglahin ng MAN ang bawa't hakbang ng mamamayan na makalikha ng budlong (pressure) ng santao doon sa nagtataglay ng lakas sa ating bayan.

d. Ang MAN ay dapat tumulong sa sambayanan sa pagtuklas ng mga pamamaraan na magpapawalang-saysay sa paggamit ng salapi at dahas sa mga halalan.

e. Ang MAN ay dapat maging laging handang umadya sa sambayanan sa pagpapahayag at pagtatanggol sa mga kalayaang pambayan.

2. Mga Mulinyong Pambatas at Pang-Saligambatas

a. Ang *Panimula* at ang *Pahayag ng mga Simulain* ng ating Saligambatas ay dapat baguhin nang sang-ayon sa pagkilala at matibay na pagtatalaga sa:

1) Pambansa, pang-ulnong at pansariling kalayaan
2) Ang mahigpunong lakas ng sambayanan.
3) Ang batayang karapatan ng sambayanan na palitan ang kanilang pamahalaan kailanma't ito'y hindi na tumutugon sa kanilang mga pangangailangan at adhika.
4) Pangkabuhayang kaunlaran, pang-ulnong at pangkadiwaang katuparan.
5) Ang pagpawi sa pagsasamantala.
6) Ang saunlad ng panig ng banwa sa kabuhayang-bansa.
7) Katuruan para sa lahat.
8) Pakikipagbaliwasan sa lahat ng bayan.
9) Tunay na pagkamakadaigdig na kumikilalang ang pagsasamantala sa isang bahagi ng daigdig ay panganib sa nalalabing bahagi.

b. Ang *Katipunan ng mga Karapatan* sa ating Saligambatas ay dapat muling isaanyo upang:

1) Ang mga pansarili at ulnunging karapatan at kalayaan ay maging higit na nangingibabaw, higit na tahas at tiyak, at masusupil lamang ng kagalingan ng sambayanan, ng ulnunging pagkapantay-pantay, at ng pagpapanatili sa pambansang kalayaan;

2) Ang mga sagka sa laya na magtatag ng mga kapisanan at katipunan ay maalis sa Saligambatas;

3) Ang mga ulnunging karapatan, lalo na yaong nauukol sa magbubukid at manggagawa ay mabigyang-diin, tulad ng karapatan sa ganap na pamamasukan at ulnunging kapanatagan, ang karapatan sa tumbas na bayad para sa tumbas na paggawa, at ang karapatan sa sariling-satatag, pati na ang karapatan sa samasamang pakikipagtawaran at pag-aaklas;

4) Ang pagkakapantay sa harap ng batas ay lalong maging maisasakatuparan, sa pamamagitan ng pagbibigay ng tumbas na sanggalang laban sa pagtatangi, at sa pamamagitan ng pagtuturing na tungkulin ng lahat ng sangay at kagawaan (agency) ng pamahalaan ang paglalagay ng mga tadhana para sa tunay na satumbas (equalization);

5) Ang karapatan sa buhay, laya at kapanatagan ng tao ay mapangalagaang mahigpit, tulad ng pagtuturing na di-matatanggap ang anumang patunay na natamo sa pamamagitan ng walang pahintulot na paghalughog at pag-iilit;

6) Ang Pahayag ng Nangagkakaisang Bansa Tungkol sa mga Tauhing Karapatan ang siyang maging simulaing pamatnubay sa ating dalumat sa laya sa paglipat at paninirahan;

7) Ang mga karampatang saayos ay mapalakas, lalo na para sa mga pinag-uusig, tulad ng pagtutulot sa karapatang maipaglagak kahit sa panahon ng paghahabol, ng pagdaraos ng pagdinig at paglilitis arawaraw para doon sa hindi makapaglagak, at ng pagbibigay ng buong halaga sa panahon ng pagkapigil sa pagbilang ng pagtupad sa panghuling hatol; ang mga bilanggo ay dapat tumanggap ng makatwirang pakikitungo;

8) Ang karapatan sa kasulatatn ng *habeas corpus* ay di maipagkait liban lamang kung may paglusob, pagbabangon at paghihimagsik;

9) Ang paturuan ay maging walang-bayad at sapilitan hanggang mataas na paaralan at kapantayang panghanapbuhay; ang pang-aghimo (technical) at panungkulang katuruan ay maging pantay na maaabot ng lahat batay sa kakayahan.

k. *Iba Pang Mga Mulinyo sa Saligambatas*:

1) Ang kubdulang gulang (age qualification) sa paghalal ay dapat ibaba sa 18 (mulang 21) upang mapalawak ang pandemokrasyang takad sa liwanag ng yumayabong na kamalayang makabansa at demokratiko ng kabataang Pilipino;

2) Dapat magkaroon ng mahihigpit na tadhana laban sa labis na gugol sa halalan, at laban sa pakikialam ng mga dayuhan sa ating halalan;

3) Dapat alisin ang mga kaluwasan sa buwis ng mga pangkating pampananampalataya at mga tataging pampaturuan;

4) Alin mang bahagi ng ating sandatahang lakas ay hindi maipadadala sa alin mang banyagang bayan na may nasasandatahang labanan kung walang pahayag ng digma;

5) Ang banwa ay dapat mapatalaga sa Pilipinong sakalalang at sa makabagong sakahan;

6) Ang Saligambatas ay dapat tungkulaning pairalin (officially promulgated) sa wikang Pilipino.

d. Ang mga Batas at Kabatasan na hindi maugnayin sa dalumat at palakad ng Demokratikong Pilipinong Banwa ay dapat pawalang-bisa o susugan.

e. Ang MAN ay dapat magsikap na mapanumbalik:

1) Ang karapatan sa paghalal sa lahat ng taong nangabawian nito sapagka't naparusahan dahil sa isang sala;

2) Ang karapatan sa paghalal at paghawak ng pangmadlang katungkulan sa lahat ng nangaparusahan dahil sa salang pampulitika.

3. Ang Pampulitikang Balangkas

a. Ang kasalukuyang *pampanguluhang kaayusan* (presidential system) ay dapat mapalitan ng isang *pambatasang kaayusan* (parliamentary system) na lalong malapit at kagyat na tumutugon sa niloloob ng sambayanan.

b. Ang isang kaayusan ng *pagtutukoy* at *pagpapabalik* (referendum and recall) ay dapat pairalin upang maging lalong mabisa, tiyak at makahulugan ang lakas na pampulitika ng sambayanan.

D. Mulintungo (Re-Orientation) ng Kalinangan

1. Paturuan

Kung hindi magbabago, ang paturuan ng Pilipinas ay di makagaganap sa kanyang isinabatas na layuning paunlarin at lingapin ang kapakanang pambansa gayon din ang sukdulang katiwasayan ng Pilipinas. Upang makamit ang ganyang mga layon, ang MAN ay nagmumunakala ng sumusunod:

a. Sakatuparan ng isang maayos na palagawaan sa paggamit ng wikang Pilipino bilang nag-iisang wikang panturo sa buong kaayusan ng pagtuturo.

b. Ang puspusang mulintatag (reorganization) ng mga talaaralan (curriculum) ng mababa at mataas na paaralan upang mabigyang-diin ang pag-aaral ng banwahin (secular) at makabansang kasaysayan ng Pilipinas, tala-

dutaan (geography), agimatan (economics) at iba pang ulnayaning pag-aaral na kakailanganin sa ganyang mga paaralan; ang pagsasakatuparan ng isang makabansang pampaturuang patakaran sa pamamagitan ng pagsupil sa mga talaaralan, aralang-aklat (textbooks) at iba pang pampaturuang sangkap.

k. Ang sa-Pilipino ng pagmamay-ari ng pampatakarang patnugutan ng mga paaralang hindi itinatag o pinamamahalaan ng Pamahalaan, dili kaya'y habang hindi pa ganap na mapaiiral ito, ang kagyat na sa-Pilipino ng lahat ng mga nagtuturong kalupunan sa ulnayan (social sciences) sa lahat ng paaralan, bilang unang hakbang sa makabansang mulintungo ng paturuan. Isang talamak na halimbawa ng pangunahing hadlang sa lubos na pagkalagom ng mga sinamamayang Pilipino sa loob ng pambansang pamayanan ay ang mga paaralang Insik na para doon sa mga Pilipinong nagbuhat sa angkang Insik ay lalong nagpapatindi sa mga kasalukuyang pagkakaibang pangkalingan sa pagitan nila at ng mga katutubong Pilipino.

d. Ang pagtuturo, sa lahat ng antas ng lahatang paturuan, ng makaagham na sosyalismo sapagka't ang pagaaral nito, sang-ayon sa Ulat-Enverga, ay bahagi na ng sansinukbing kalinangan ng sangkatauhan.

e. Ang pagbibigay-diin, sa talaaralan ng lahat ng paaralan, sa pagkakaisa ng bansang Pilipino, sa kabila ng pagkakaroon ng iba't ibang lipi at agamahang kapaniwalaan (religious creed); ang pagsasama sa lahat ng talaaralan ng lahat ng mataas na paaralan ng mga talapaksaan sa Kasaysayan ng Asya, taladutaan, pulitika, agimatan, agimating taladutaan, kalinangan, atb., at ito ay ituturo sa paraang makabubuti sa sambayanng Pilipino.

g. Ang pagpapaigi at mulintungo ng mga paaralang pasanayang-guro sa kapantayang mababa at mataas, upang magkaroon ang mga guro ng mabisang pagkamakabansa at ng diwa ng kasarinlan.

h. Ang pagsasama sa talaaralan sa lahat ng kapantayan ng paturuan ng mga talapaksaan sa tangkilikan (cooperatives) at ang lahat ng kasanayan na kakailanganin upang mapanagumpay na maituro ang ganitong uri ng katatagan.

i. Ang pagtataguyod ng malaya at walang-sagkang pakikipagpalitan sa lahat ng bansa sa daigdig ng lahat ng pampaturuan at pangkalingang sangkap.

l. Ang pagtatatag ng Pamahalaan, o ng pansariling takarang Pilipino, ng isang kaayusan ng mga paaral (scholarship) at iba pang gawad-tulong sa loob ng Pilipinas upang mapaunlad ang mga talinong katutubo at iba pang kakayahan sa lahat ng panig ng pagsisikap.

m. Ang pagpapairal ng kailangang batas na sumusupil sa pakilos, ngayon o sa hinaharap, ng mga banyagang tatagin — ang tinatawag na "peace corps" at ibang banyagang kagawaan na nagbibigay ng gawad-tulong — sa dahilang ang kanilang mga gawain ay nakasasama sa kapakanan ng sambayanang Pilipino.

2. Wikang Pambansa

Sa Pangkat XIV, Tuntuning 3 ng Saligambatas ng Republika ng Pilipinas ay ganito ang nakatadhana tungkol sa wikang pambansa: "Ang Batasambansa ay gagawa ng mga hakbang tungod sa pagpapaunlad at pagpapatibay ng isang wikang pambansa na batay sa isa sa mga umiiral na katutubong wika." Ang wikang Tagalog (na siyang naging batayan ng Pilipino) ay ipinahayag na maging isa sa mga wikang pampamahalaan ng Pilipinas simula noong Hulyo 4, 1946. Malaki na ang naiunlad at nailaganap ng wikang Pilipino mula noon, nguni't marami pang dapat gawin kaya't ang MAN, upang makatulong sa masigla at makabayang kilusang pangwika, ay naninindigan nang gayari:

a. Itaguyod at sundin ang Surian ng Wikang Pambansa tungkol sa mga bagay na may kinalaman sa balarila o gramatika, at sa pagbigkas at pagbaybay ng mga salitang Pilipino.

b. Hilingin na ang *Surian ng Wikang Pambansa* ay mapaglaanan ng lalong malaking gugulin.

k. Itaguyod at sundin ang *Lupon sa Agham* at ibang katularing may-kakayahang kagawaan, tungkol sa mga bagay na may kinalaman sa paggmit ng mga maugnaying katawagang pang-agham sa wikang Pilipino (consistent science terminology in Pilipino).

d. Tangkilikin at basahin ang mauunlad na babasahing Pilipino, tulad ng mauunlad na pahayagan, linggu-han, buwanan at mga aklat.

e. Tangkilikin at panuorin ang mauunlad na pelikulang Pilipino.

g. Tangkilikin at tulungan ang mauunlad na manunulat at mangangathang Pilipino.

h. Hilinging gamitin ang wikang Pilipino bilang nag-iisang wikang panturo sa lahat ng kapantayan ng ating paturuan sa loob ng limang taon.

i. Hilinging gamitin ang wikang Pilipino sa mga kasulatan at padalahang-sulat ng mga tanggapang pampamahalaan.

l. Pagpunyagiang magamit ang wikang Pilipino sa mga talakayan at kasulatan ng Batasambansa ng Pilipinas.

m. Pagpunyagiang magkaroon ng maraming awitin at tugtuging may diwa, himig at titik na Pilipino.

n. Sakitin na lahat ng mga kasulatan at talakayan ng MAN ay unti-unting magawa at mailagay sa wikang Pilipino.

3. Mga Santauhing Pabatiran (Mass Media)

Kinikilala ng MAN ang lakas at mabisang hibo ng santauhing pabatiran sa ating pambansang kalinangan at sa makabansang adhika ng sambayanan. Dahil dito ay mahalaga na ang santauhing pabatiran ay sabansain sa malac't sa madali. Sa layuning ito ay dapat isaalang-alang ang ilang tiyak na hakbang:

a. Sikapin ang sakaisahan (unionization) ng lahat ng manggagawa sa mga pabatiran upang mapataas ang kapantayan ng kanilang kamalayang pampulitika.

b. Sikapin ang pag-aalis sa lahat ng mga kabawalan sa pagpasok ng mga aklat, pahayagan, pelikula at pabalita mula sa mga bansang sosyalista.

k. Tahasang pasiglahin ang mga mauunlad na pelikulang Pilipino.

E. Makatwirang Saunlad ng Agham at Aghimuan

Anumang palagawaang nagsasangkot sa mga mang-aagham at mang-aaghimuan (scientists and technologists) ay dapat mapaloob sa saklaw ng palaadhikaan sa pambansang demokrasya at makabansang pagbubuo. At lalo na, ang ganyang palaadhikaan para sa mang-aagham at mang-aaghimuan ay di maaaring ihiwalay sa dapat kaugnayang paaladhikaan sa kabuhayang-bansa at paturuan. Kaugnay ng patakarang gamitin ang agham at aghimuan sang-ayon sa pangangailangan ng sambayanan at sa kakayahan ng Banwa, ang mga sumusunod ay dapat isagawa:

1. Ang pag-uudyok sa pananaliksik na pang-agham at pang-aghimuan ng mga manunungkulan (professionals) na may kakayahan sa mga larangang kailangan ng kabuhayang-bansa ng Pilipinas.

2. Ang pagpapasigla sa batayang pananaliksik-agham (scientific research) niyaong mga mag-aaral sa dalubhasaan na may kakayahan sa larangan ng dalisay na agham.

3. Ang pagtulong ng Pamahalaan sa pang-aghimuang pananaliksik ng mga pansariling samahan na ari o supil ng mga Pilipino, sa mga lawak na itatakda ng Pamahalaan.

4. Ang paghiling sa lahat ng dalubhasaan at pamantasan, madla man o sarili, na gamitin ang malaki-laking bahagdan ng kanilang kita sa batayan at pakikinabangang pananaliksik sa agham at aghimuan.

5. Ang saunlad ng isang makabansang kamalayan sa mga Pilipinong mang-aagham, mang-aaghimuan at mang-aaghimo; sa saklaw ng makabansang sakalalang, ang pagtataguyod ng isang kilusan para sa lalong mataas na sahod, lalong mabuting kagamitan at patuloy na pagtustos sa pananaliksik at saunlad upang mabawasan ang pangingibang-bayan ng ating aghimuing lakas-tao sa lalong ikauunlad na bayan at upang maganyak ang maagang pagbalik ng nangakaalis na, at matamo ang mabisang sagamit sa kanilang paglilingkod.

6. Ang mahigpit na pagpapatupad sa mga umiiral na batas na nagsasanggalang sa ating mga may-lisensiyang manunungkulan sa paggamit ng kanilang panungkulan (profession) laban sa tagis ng dayuhang manunungkulan.

7. Ang pagpapatibay ng isang batas na nagtatadhanang ang lahat ng mga karapatang-tuklas (patents) para sa mga tuklasing pang-agham at pang-aghimuan ay dapat iharap, saayusin, itala at igawad sa wikang Pilipino.

8. Ang pagtanggap at pagpapalaganap sa Talasalitaang Pang-Agham at Pang-Aghimuan sa maugnaying wikang Pilipino na inihanda ng *Lupon sa Agham*, na nagtitipon at nagsasaayos ng mga maugnaying katawagang Pilipino mula noong 1964.

9. Ang pagtatatag ng isang pambansang lunduyan ng mga kasulatang pang-agham at pang-aghimuan sa wikang Pilipino.

10. Ang pagtatatag ng isang pambansang kawanihan sa pagsasalin sa Pilipino ng mga lathalaing pang-agham at pang-aghimuan na lumalabas sa lahat ng banyagang pahayagan at magasin, kasama na ang inilalabas sa Alemanya, Hapon, Rusya, Kainsikan, Italya, atb., upang maitumpak ang kasalukuyang tagibang na kalagayan na ang tanging nababasa nating mga pang-agham at pang-aghimuang kaisipan at pangyayari ay yaong nasusulat sa wikang Ingles.

G. Mulintungo ng Patakarang Panlabas

Upang mawakasan ang ating tumatanghod at nagpapalimos na patakarang panlabas, at upang igiit sa lahat ng pagkakataon ang mga karapatan ng isang mahigpuno (sovereign) at di-nakakabit na bansa sa Asya, iminumungkahi ng MAN ang sumusunod para sa mulintungo ng ating patakarang panlabas:

1. *Pakikitungo sa Estados Unidos*: Ang pagpapawalang-bisa sa lahat ng kasunduang nagpapanatili sa Pilipinas na buntabay (satellite) ng pulitikang-lakas ng Amerika, gayon din ang maayos na pagpawi sa nakapipigil na bisa ng mga kasunduang nasabi sa kahigpunan (sovereignty) ng Pilipinas. Ito ang pinakamaliit at pinakamadaliang hakbang para sa mulintungo ng ating patakarang panlabas.

2. *Pakikitungo sa mga Gumigitaw na Bansa*:

a. Ang pagtakas natin mula sa galawang-lakas (sphere of influence) ng Estados Unidos at paglahok natin sa mga mapanghimagsik na adhika ng Asya, Aprika at Amerikang Latin para sa pambansa at demokratikong kalayaan at sa pakikipagtagis nila laban sa imperyalismo.

b. Pagbuo ng lalong malapit na pangkabuhayan, pampulitika at pangkalinangang pakikitungo sa mga bagong nagsasariling bayan ng Ikatlong Daigdig.

k. Pagtakwil sa kaisipan na ang ating "patakarang panlabas na patungong-Asya" ay nangangahulugan lamang ng lalong malapit na pakikitalamitam sa mga bansa ng Asya na tulad ng Tay, Timog Korea, Timog Biyetnam, Taywan at Indonesya sa pamamagitan ng ilang katatagang pandanay, (regional organizations) na itinaguyod ng Amerika, na tulad ng SEATO, ASA, ASEA, ADB, ASHIL, SEAMES, APU at EROPA.

3. *Pakikitungo sa mga Banwang Sosyalista*:

Pagpapairal ng pangkabansaang pakikitungo sa lahat ng mga bayang sosyalista, na sasabayan ng pakikipagbaliwasan (trade relations) sa kanila, gayon din ng pakikipagpalitang pangkalinangan pag-agham at pampaturuan.

ANG TINATANAW

Ang MAN ay nananalig sa pangwakas na tagumpay ng pakikitagis para sa ganap na kahigpunuan (sovereignty). Ang pananalig na ito ay nagmumula sa mga aral ng kasaysayan na nagtuturong sa ibang bayan at sa ibang panahon, ang mga kalagayan ng paniniil sa malao't sa madali ang siya ring lumikha ng pagsalungat na kailangan upang sugpuin ang paniniil. Ang ganyang pagsalungat ay iniaalay ngayon ng Makabansang Adhikaan.

Sa ating bayan at sa ating panahon ang kalagayan ng paniniil ay lalong lingid kaysa naging kalagayan nila sa mga panahong lumipas kaya't di laging nakikilala at nauunawaan kahi't na niyaong mga tao na lalong nagdurusa dahil sa kanila. Katungkulan ng bawa't isang nakakikilala na daliriin sila, at kumilos nang magkakasama sa pamamagitan ng lahat ng paraang magagamit upang mailigtas ang sambayanang Pilipino mula sa nagpapatuloy na kaalipnan.

Nawawatasan ng MAN ang mga hirap na haharapin at nakikitang lahat ng batis ng pagpapasya at pagtitiis ay kakailanganin. Tinatawagan nito ang lahat ng mga pangkating makabayan sa ating ulnong na lalong pahigpitin ang kanilang pagkakaisa upang maisaanyo ang isang tunay na demokratikong Pilipinong ulnong.

Sa pagitan ng kasalukuyan at ng pag-iral ng Talaadhikaang ito ay matatagpuan ang pangangailangang sigasigin ang pagtatamo ng demokratikong lakas ng nakararami sa sambayanan na, sa paniwala ng MAN, ay siyang tanging makalilikha ng isang tutohanang makataong ulnong.

——0——

Hugpong "A"

MGA HAMON NG KASALUKUYAN

(*Diwampati sa Ika-2 Pambansang Kapulungan ng MAN, Marso* 15, 1969)

ni

Kaadhikang LORENZO M. TAÑADA

Ang Kapulungang ito ay hantungan ng dalawang taong pagkukumamot. Itinatag ang MAN noong 1967 upang idulsol ang isyu ng pagkamakabansa sa pulitika, agimatan, paturuan at ibang maselang panig ng buhay sa Pilipinas ngayon. Sa ilang maikling taon ng pag-iral, naitaguyod ang kanyang layunin nang may sigasig at di naman salat sa tagumpay. Nakatulong — kundi man sa pagpaling ng tungkulaning kurukuro sa paninindigang makabansa — na namulat man lamang ang mga punumbayan, ang mga inihalal o itinalagang katiwala ng kapakanang pangmadla, sa mga garapal na pagkakanulo ng nakaraan. Wala na ang mga araw na ang isang Pilipinong punumbayan ay magbibili ng mahalagang karapatang tulad ng "pantayang karapatan" at mananatiling pinagkakatiwalaan o maging pinupuri ng sambayanan. Nagbago na ang panahon at ang MAN ay di kaakunti lamang ang naitulong upang mapabilis ang ganyang pagbabago. Ginagawa natin ang ating bahagi sa ating panahon, tulad din nang ang ibang makabansa ay ginawa ang kanilang bahagi sa kanilang panahon. Sapagka't ang kasaysayan ng pagkamakabansang Pilipino ay matanda na, higit na matanda kaysa sinuman sa atin, at malabayani, na taglay ang kabayanihang sukat maging uliran natin. Di ko na dapat pang isalaysay ang buhay ng ating mga bayani sa pagbabago ng dantaon. Iya'y alam na nating lahat.

Nguni't dapat kong muling banggitin ang madalas masabing kababalaghan na ang buko ng pagkamakabansang Pilipino na pitumpung taon na ang nakaraan ay tila handa

nang mamukadkad, ay naunsiyami. Nagkaroon ng panakanakang pagkahinog noong mga unang taon ng Amerikahing pamamahala nguni't nang mga labinsiyam dalawampu at tatlumpu, naging maliwanag na di matutuloy ang nakaaayang pamumulaklak na pinangarap ng ating mga bayani at sinikap na mapadali sa pamamagitan ng kanilang dugo.

Ang nangyari ay nalaglag ang buko ng pagkamakabansang Pilipino dahil sa pagdating ng mga Amerikano. Nang bago dumating ang mga Amerikano, walang alinlangan na ang isang bansa ay malapit nang isilang. Nang sila ay dumating na, naging malinaw din na ang bansang iyan ay di pa gigitaw. Nang sila ay lumisan, naroon nga't naiwan ang isang bansa, nguni't isang nagugulumihanang bansa na ligaw sa kanyang sarili at sa mga bayani ng himagsikang Pilipino. Masasabing iwinalay ng mga Amerikano ang bagong salintao, ng mga Pilipinong lumalaki sa ilalim ng kanilang pamamahala, mula sa kanilang magulang na, sa panahong yaon, ay tila natuklasan na sa wakas ang kanilang pambansang kasiyangaan at wari'y nasa sandali na ng pagtatatag ng banwang-bansang Pilipino. Nilikha at pinalawak ng mga bagong puno ang agwat ng mga salintao sa pamamagitan ng sapilitang pagpapairal ng mga bagong Amerikahing halga sa Pilipinong ulnong, at sa pagpapagamit ng Ingles bilang tungkulaning wika ng mga Pilipino, at ang pagtatatag ng Amerikahing kaayusan ng mga paaralang pambayan sa buong kapuluan. Ang dulo't bunga makaraan ang mga apatnapung taon ay isang "sina-Amerikang" sambayanan.

Kahit na ang isang Quezon ay hindi marahil napamunuan ang Pilipinas na lumitaw pagkatapos ng digma laban sa Hapon. Ang saayos ng "sa-Amerika" ay lalong pinabilis ng pagkakapangyari ng isang digma na tila nakapagtalik sa kaisahan ng mga layunin ng Pilipinas at ng Amerika. Katunayan na ang pakikiisang ito sa Amerika ay ganap na noon ay ang pangyayaring ang unang halalan matapos ang digma ay pinaglabanan sa isyu ng pakikipagkaibigan sa Amerika. Ang pagwawagi ni Manuel Roxas ay patunay na ang damdamin ng panahong yaon ay isang mala-bulag at halos dinag-uusisang pagkamatapat sa Amerika at mapag-aalinlanganan kung kahit na ang isang Quezon ay nakaaapula sa ganyang baha. Katambal ng damda-

ming ito, mangyari pa, ang paksa ng bayadpinsala na kailangang-kailangan ng ating nasalantang bayan nguni't matatamo lamang sa pamamagitan ng pagpayag, matapos na makamtan ang karinlan, sa mga tinatawag na "tanging ugnayan" sa dating inang bayan.

Kung kinailangang iulat ang kasaysayan ng pagkamakabansang Pilipino, ang talataknaing lundo (chronological nadir) ay papatak sa taong 1946, na siya pa namang taon ng pagsilang ng Republikang ito. Sa mga taong ito at sa pultaong sumunod, ang damdaming ngayon ay naglalatang sa buong bayan ay nasa pinakamababang antas.

Naging malungkot ang namagitang mga taon. Ang Digmang Malamig ng Silangan-Kanluran ay pumalit sa Digmang Hapon sa lalong pagtutulak sa atin sa piling ng Amerika. Ang sakit na pagkamaka-McCarthy, na namayani sa Estados Unidos, ay nagkaroon ng katumbas sa ating munting Amerika. Ang pagkamakabansa — ang pagnanasa na maging higpuno, paglingkuran at hanapin yaon lamang tunay na makabubuti sa ating bayan — ay naging kahina-hinala. Sinumang magsalita laban sa malaaliping pagsunod sa patakarang panlabas ng Amerika ay ayon-Komunista. Sinumang sumumang sa pagkabigay ng pantaying karaptan sa Amerika ay laban-Amerika kaya't ayon-Pulahan. Sinumang tumutol sa mga kasamaan ng Kasunduan sa Hukbuhing Takad, sa pagkawalang tambingan ng Kasunduang Bell sa Baliwasan, sa pakikialam ng mga pinunong Amerikano sa mga suliraning panloob ng Pilipinas, ay manlalabag. Ang sukdulan, at sa baliktanaw sa palagay ko ngayon ay ang pinagpihitan, ay dumating nang ang dakila at mapait na pagtatalo sa panukalang-batas Noli-Pili ay naganap noong mga kalagitnaang limampu. Sa palagay ko ay marami ang namangha sa pagsalungat sa panukalang-batas na ito na humihiling na basahin ang mga kathambuhay ni Rizal sa lahat ng mga paaralan. Marami ang nagpapalagay na ang Kapunuan na maituturing ay tama sa kanyang mga paninindigan at pagpapalagay at doon sa mga patakaran na naging paksa ng nangakaraang pagtatalo ito ay nanindigan sa malawak na kapakanang pambansa lamang. Nguni't nang ang panukalang-batas Noli-Pili ay tandisang tinutulan ng Kapunuang iyan, ang

mga palaisip na Pilipino ay nagsimulang sumuri at muling maghalga sa mga lumang palagay.

Hinihingi ng panukalang batas na ang kabataang Pilipino ay magbasa ng mga mahahalagang sinulat ng ating bayaning pambansa. Ano ang masama riyan? Tunay nga na ang mga nubela ay may mga bahaging dipumupuri sa mga pari at halpunuan noong panahon ni Rizal. Nguni't lumipas na yaon at ang ating mga mag-aaral ay maituturing na may sapat na isip upang ibahin ang simbahan ng panahon ni Rizal sa simbahan ngayon, at gayon din, ang simbahan na rin, sa mga nilikhang siyang noon ay mga punong-simbahan. Tiyak na mabuting bagay ang pagtuturo sa ating kabataan ng ating mga bayani, ng kanilang mga suliranin, ng mga pagpapakasakit at mga uliran ng isang panahong lumipas; bakit nila tinutulan nang buong higpit at galit?

Maraming dati'y di sana mag-uusisa sa matatandang pamamalagay tungkol sa kung saan naroon ang kapakanang pambansa at sino ang kumakatawan sa ganyang mga kapakanan, ang noon ay di na lubusang makatiyak. Isang panahon ng pag-aalinlangan ang tahimik at unti-unting sumapit. Ang matatandang paniwala ay nayanig. Nagsimulang mabuo ang ilang bagong pamamalagay. Samantala, ang batas ng Noli-Pili ay napairal at nagsimulang magbunga ng tinangkang bisa sa kabataan. Gumigitaw ang isang makabansang balikhaan.

Kasumunod nito ibinunsod ni Senador Recto ang kanyang pagka-kandidato sa panguluhan. Sa pagkaalam namin si Senador Recto lamang ang nangahas lumaban sa isa sa lalong kinagiliwang Pangulo sa ating kasaysayan sa isyu ng pagkamakabansa. Inakala niyang napapanahon na, kundi man maagaw ang panguluhan, ay madala man lamang ang paksa ng pagkamakabansa sa sambayanan. Itinatag ang Lapiang Makabansang-Mamamayan (Nationalist-Citizens Party) at humarap sa halalan noong 1957 na may pambuong-bansang hanay at isang patakarang makabansa.

Naging lubos ang aming pagkatalo sa halalang yaon nguni't lumilitaw ngayon na ang pagpapakalat ng aming mga makabansang kaisipan at layon ay hindi nabigo. Marami sa kanila ang nag-ugat, lalo na sa kabataan. Ang

ilan sa kanila, tulad ng patakarang Pilipino Muna, ay inangkin at pinairal ng bagong pangasiwaang nahalal. Mula noon ang daluyong ay nag-ibayo at ang nalalabing bahagi ng kasaysayan ay sariwa pa sa ating gunita.

Ngayon ay mayroon tayong MAN, na sa kanyang sinapupunan ay kasama ang mga magbubukid, mananang-gol, manggagawa, mangangalakal, pulitiko, mag-aaral, palaaral — ang lawak ng Pilipinong ulnong, nguni't kasama rin, nais kong maniwala, ang tunay na Pilipino na balang araw ay aakay sa bayan mula sa kalaliman na kinalubluban natin. Nagtitipon tayo ngayon upang idaos ang ating Ikalawang Pambansang Kapulungan at nasa harap natin ang waki ng Talaadhikaan na matapos masusugan ay pagtitibayin natin bilang patnubay ng ating mga hinaharap na kilos.

Ang palagawaan ay masaliksik na inihanda ng mga taong nagmula sa lahat ng panig ng buhay. Kinakatawan nito ang mga isipin ng malawak na katipunan ng mga kapakanan na gayon man ay nakatingob sa lansakang kagalingan — ang pinakamabuting kapakanan ng bayan na rin. Tinatalunton nito ang kasaysayan ng makabagong Pilipinong ulnong, ang mga kapintasan at kabiguan nito, ang makasaysayang dahilan ng ganyang mga kapintasan at kabiguan, at pagkatapos ay nagmumungkahi ng isang hulwaran ng mga hakbang upang maitumpak yaon at upang maisakatuparan ang isang makatarungan, makatao, manigo at demokratikong pamayanan.

Masaliksik na tinatalakay nito ang ating pakikipag-ugnayan sa Estados Unidos at ang ating mga pakikipagkasunduan sa bayang iyan, sinusuri ang hulwaran ng pagmamay-ari ng lupa sa Pilipinas, ang pangangailangan na mulinyuin ito at ang agimating kalagayan sa kabuuan. Ang huling bahagi ng palagawaan ay naghahain ng mga tiyak na mungkahi para sa mulinyo ng agimatan, ng ulnong at ng kaayusang pampulitika. Humihingi ng mahahalagang pagbabago sa saligambatas at kabatasan at ng marahas na pagbabago ng paturuan, ng panibagong sigla sa paggamit ng Pilipino, ng lalong malaking pagpapahalaga sa pang-agham at pang-aghimuang pagsisikap at ng isang lalong tunay na nagsasariling patakarang panlabas. Ito

nga'y isang masasabing ganap na pahayag di lamang ng kasalukuyang kalagayan ng Pilipinas kundi maging ng mga salalayan nito at ng makabansang pamamaraan upang maitumpak ang lalong malulubhang kapintasan, at sa wakas, ng ating mga adhikain para sa hinaharap.

Ang kasulatang ito ay itinutukoy ngayon sa mga kaanib ng MAN upang isaalang-alang, susugan at bigyan ng panghuling patibay. Sa mga pagtatalakayan na susunod, dapat marahil nating ipaalala sa ating sarili na tinutunghayan natin ang isang maituturing na masaklaw na palagawaan kaya't di natin sukat asahan na ang palagawaan ay magiging lubos na kasiyasiya sa lahat ng kasaliksikan nito para sa lahat at bawa't isa as atin. Ang mahalaga sa bawa't isa sa atin at sa ating sari-sariling budhi ay ang pangyayaring ang kabuuan ng kasulatan, ang Talaadhikaan na nga, ay masaklaw na kakatawan sa ating mga pantaong paniniwala, layunin at simulain.

Mangyari pa, may mga mungkahi na lunduyan ng iba, at dito ay dapat magkaroon ng batayang pagkakasundo. Hayaan ninyong sandali kong isaysay ang sa ganang akin ay di na mababawasang pambalanang pagkakasundo.

Ang Pilipinas ay para sa Pilipino muna. Ang kanyang mga yaman at pagkakakitaan ay inilaan ng Bathala para muna sa kanyang mga anak. Kaya, lahat ng agimating patakaran ay dapat maisatungo sa pinakamalaking kagalingan ng pinakamaraming kababayan natin.

Ang kaayusang pampulitika ay isa lamang daan tungo sa layong bawa't Pilipino ay maging malaya, manigo at panatag. Ang pakay ay kalayaang may kahanagan, sa kapanatagang agimatin, sa walang-takdang pagkakataon para sa pangkaisipan at pangkadiwaang saunlad. Walang kaayusang pampulitika na di maitatakwil. Walang kaayusang pampulitika na banal at dimababago.

Ang tunay na banal at dimababago ay ang ating mga batayang karapatang makatao at mga kalayaan. Kung di ito masunduan ng kaayusang pampulitika para sa kanyang mga mamamayan, di lamang sa balak kundi maging sa pagpapatupad, may malaking kasiraan ang kaayusang iyan kaya't dapat iwasto o, kung iyan ay di magagawa, ay palitan ng isang lalong tumutugon.

Bukod sa rito, ang kaayusang pampulitika ay dapat maging yaong makalilikha ng mga pamuno sa batayan ng kahusayan, hindi sa lakas o hibo o salapi, mga pamunong mahusay at tunay na kumakatawan — at sa panunungkulan ay gumagalang — sa kalooban ng nakararami.

Ang karapatan ng sariling ari ay di walang takda. May lalong matataas na karapatan — tulad ng karapatan ng lahat ng tao sa tatlong pagkain sang-araw, isang bubong sa ibabaw, pananamit sa katawan, gamot kung maysakit, pagkakataon na makapag-aral, batayang pantaong kahanagan. Sa mga karapatang ito, ang karapatan ng ari ay dapat sumuko. Upang matamo at mapairal ang mga karapatang iyan para sa kanyang mga mamamayan, ang banwa ay may kapangyarihan at katungkulan na buwisan ang mayaman at sa ganyan ay mulimbahagihin ang kayamanan. Alinmang pamahalaan na mabigo sa unang katungkulang ito sa kanyang mga mamamayan ay nawawalan ng karapatang magpatuloy.

Nguni't ang pagbabago sa kaayusan ay dapat gawin hangga't maaari sa loob ng balangkas ng batas. Ang batas ay dapat manaig. Di dapat isakamay ng mga tao ang batas tangi lamang bilang kahuli-hulihang paraan sa ilalim ng di-matiis na kalagayan para sa nakararami, kapag ang lahat ng mga pamamaraang makabatas ay napatunayang walang bisa.

Ito ang malalawak na simulain. Naniniwala akong walang magiging pagkakahidwa sa mga simulaing iyan sa pagtitipong ito ng mga makabansa na nauudyukan ng matapat na malasakit sa ulnunging katarungan. Ngayon, marahil, ay masusulyapan naman natin ang mga tanging suliranin na nakaharap sa bayan sa susunod na lima o sampung taon at magmungkahi ng kung ano ang maaaring maging mga simulaing pamatnubay sa paglutas sa kanila.

Sa pagkatanaw ko, ang Pilipinas, bukod pa sa suliranin ng kapayapaan at katiwasayan, ay humaharap sa tatlong pangunahing hamon: (1) ang nalalapit na pagwawakas ng Kasunduang Laurel-Langley at ang mulinturing ng ating pakikipag-ugnayan sa Estados Unidos; (2) ang agimating saunlad, ang pagpawi sa karukhaan, ang ating paninindigan sa banyagang puhunan sa ating bayan; at

(3) ang Kapulungang Pansaligambatas at ang mga mulinyong pulitiko-batasin na kailangan nating ilangkap sa bagong Saligambatas upang mabagayan ang mga nagbabagong kalagayan ng ating panahon.

Bago ko talakayin ang tatlong hamong ito, hayaan ninyong sandali kong tukuyin ang suliranin ng kapayapaan at katiwasayan. Samantalang ikinababagabag natin ang nakalalagim na pagkasira ng kapayapaan at katiwasayan, dapat nating ituring ito na sa salik ay pananda ng lálong malalim na sakit ng ating ulnong. Iyan ay isang labanulnunging pagbabangon laban sa isang dimakatarungang ulnong. Ang kanyang pamalagiang kalutasan ay masasalalay sa paglilipat-anyo ng ating ulnong sa bisa ng pagkamakabansa sapagka't ang mga pakay na makabansa ay talagang para sa isang makatarungang ulnong para sa lahat.

Tungkol sa Kasunduang Laurel-Langley kakaunti ang maaaring sabihin na di pa nasasabi. Lahat tayo'y nagkakasundo na ito ay dapat hayaang magwakas sa 1974, at pagkatapos nito, ang ating bayan ay makikitungo sa Estados Unidos sa mga bagay na may kinalaman sa baliwasan sa paraang tulad din ng ginagamit natin sa ibang banyagang bansa. Ang mga tanging pakikipag-ugnayan na may kinalaman sa baliwasan ay tahasang dapat matapos sa 1974.

Gayon man, may mga tao na nagnanasang mangunyapit sa mga pagtatangi sa pamilihan ng E.U. para sa ilan nating lalang, tulad ng asukal. Nguni't ipinākikita ng karanasan na ang mga Amerikano ay di nagbibigay ng pagtatangi nang gayun-gayon lamang. Hindi ako sang-ayon sa paghingi ng anumang ibang pagtatangi o pagbibigay mula sa Estados Unidos pagkatapos ng 1974. Ang ating karanasan sa Baliwasang Bell at sa Laurel-Langley ay sapat nang aral para sa atin. Dapat nating iwasan ang pagsisikap na magtamo ng bago bagama't tambingang pakikipag-ayos sa Estados Unidos kahit na sa mga takda sa asukal. Ang pagpapatuloy ng palatakdaan (quota system) ay magpapalawig lamang sa pananandig natin sa Amerika sapagkat ang pagluluwas natin ng asukal sa ilalim ng palatakdaan ay malaking bahagi ng ating kabuuang kita sa

pagluluwas. Sa gayon, kahit na magtampo tayo ng kung malasin ay tambingang kasunduan sa Estados Unidos sa asukal, samantalang umaasa tayo sa kita sa asukal para sa isang napakalaking bahagi ng ating kabuuang kita, mananatili tayo sa lalong mahina, kayat mabuway, na panig ng pakikipag-ugnayan.

Kailangang magpalawak tayo. Ang kalalang ng asukal ay natutungkulan na maghanap ng ibang pamilihan, sa pamamagitan ng pagpapaliit sa gugulin, o dumako sa ibang kalalang. Mga ulat kamakailan ang nagsasabi ng lumalaganap na pagtutol sa Amerika na rin, laban sa palatakdaan, na ang bayang iyan ang nagpairal, sa gugol na daan-daang milyong dolar bawat taon, upang maipagtanggol lamang ang isang maliit na kalalang ng asukal-remolatsa. Maraming Amerikano ang nagtatanong ngayon kung bakit dapat panatilihin ng Estados Unidos ang kanyang dilikas na halaga ng asukal, bakit dapat magpatuloy na inihihiwalay ang sarili mula sa pamilihang pandaigdig. Kung ang palatakdaan ng Estados Unidos sa asukal ay mabuwag o matapos, maari bang makitagis ang ating mangangalalang sa pamilihang pandaigdig sa asukal? Ang ating mga mag-aasukal ay dapat mabahala sa ganyang mga pangyayari, at lalong mabuti hangga't maaga. Di sasalang mahihirapan at maghihikahos tayo, nguni't iyan ang halaga ng pagiging tunay na panginoon ng ating tadhana.

Ang Amerikahing karapatan sa pantayan ay matatapos sa 1974. Walang latak na karaptan na maiiwan paglampas ng 1974. Sa ibang salita, ang mga pahintulot na iginawad bago mag-1974 ay matatapos sa Hulyo 3, 1974, kahit na ang panahon ng pahintulot ay di pa lumilipas, tangi lamang kung ang may-pahintulot ay nakapaglipat ng animnapung bahagdan ng kaniyang puhunang-sapi sa mga Pilipino ayon sa hinihingi ng Saligambatas. Ang wakas ng pantayang karapatan ay mangangahulugan din, pasintabi sa Hukom Revilla ng Hukumang Unang Dulugan ng Rizal, ng katapusan ng Amerikahing karapatan sa sariling sakahing lupa.

Ang mga katutohonang ito ay dapat gawing malinaw at hayag ngayon, upang ang pagsasalin sa 1974 ay maging makinis at di makagulo sa agimatan. Dapat magsimulang

kumilos ang Pamahalaan ngayon, upang maganyak ang paglilipat ng mga Amerikahing sapian na nakasangkot sa mga batay-pantayang kalalang, sa kinakailangang pagmamay-aring-sapi ng mga mamamayang Pilipino. Kung mabigo iyan, dapat magbalak ng mga pamalit na hakbang upang ang Pamahalaan na rin ang siyang humawak sa nangasabing sapian — nang maiwasan ang pagkatigil nito — at mag-ukol ng makatarungang bayad sa mga may-saping Amerikano.

Hinggil sa mga iba pang pakikipagkasunduan sa Estados Unidos, ang batayang simulain ay dapat maging, hangga't maaari, at hangga't lalong maaga, ang pagbabawas ng ating pananandig sa Amerika. Tulad ng sinabi ko sa simula ng talumpating ito, tayo ay mga biktima ng sa-Amerika (Americanization). Bilang isang bayan, kautangan natin sa sarili na hi-Amerikahin (de-Americanize) ang ating sarili. Ito ang dahilan kung bakit ang pagkamakabansa ay laging tila pagka-laban-Amerika. Sa kadiwaan ng nakaraan at kasalukuyan, ang hadlang sa ating paghahanap ng pambansang kasiyangaan at pambansang sarilingsalig ay hindi ang Kainsikan o ang Rusya o ang Hapon, kundi ang Estados Unidos. Kaya't anumang pag-aayos na may tunguhing padayunin ang ating makasaysayang pananandig sa Estados Unidos — tulad ng pagsasanay, mataas na paturuan, sandata, baliwasan, atb. — ay nakauuntol sa ating hi-Amerika, at nakahahadlang sa pagbubuo, mulingsilang at pagyabong ng bansang Pilipino.

Hinggil sa mga hukbuhing takad, dapat tayong maghanda sa kanilang pag-aalis. Ang pinakamahalagang suliranin sa kanilang pag-aalis ay ang agimating suliranin sa pagkawala ng mga dolar na ginugugol sa Pilipinas dahil sa nasabing mga takad at ang pagkawalang-mapasukan na ibubunga ng maramihang pagbabawas ng mga Pilipinong namamasukan sa mga takad. Ako sa aking sarili ay nagtigil na sa paniniwalang kung wala niyang mga takad na iyan, lulusubin tayo ng mga komunistang Insik o kaya'y magiging di-maiiwasan ang panloob na kaguluhan. Ang pagkakapatas na pambutod (nuclear stalemate), na kahit ang E.U. ay lalong maaaring igalang kaysa waling-halga, ay nangahulugan ng katapusan ng mga digma sa hulwarang kamihasnan. At ang isang maligaya at maayos na

napamamahalaang sambayanan ang lalong maiging pananggol sa panlalabag. Ang ating hukbuhing pakikipanig sa Estados Unidos, kung gayon, ay may patuloy na nababawasang halga para sa atin. Ang mga nagbagong kalagayan ay dapat humingi ng pagbabago ng pananaw. Kung kinailangan man natin ang ganyang mga takad, ang gayong panahon ay lumipas na.

Ang suliranin ng agimating saunlad ay suliranin ng pagbubuo ng puhunan. Upang magsakalalang, kailangan natin ang salapi na ibabayad sa mga minahan, sa mga alilisan, sa mga pagawaan ng kalalang. Sinasabi sa atin na talagang wala tayo ng puhunan upang maisakatuparan ang sakalalang ng Pilipinas. Hindi ko sasabihing may sapat tayong puhunan upang nag-iisang maipatupad ang sakalalang. Nguni't ipinahahayag ko na may sapat tayong puhunan upang hawakan ang pangunahing papel sa ganyang sakalalang. Sinumang nais tutulan ito ay dapat masdang muli ang mga mapangwaldas na gusaling pangtanggapan, ang palamuting panloob ng nangasabing gusali o ang isang daang tulad ng Abenida Ayala sa Makati. Ang daan-daang milyong piso na ginugol sa nasabing mga tanggapan — huwag nang banggitin ang daan-daang milyong nagugol sa mga tahanan sa mga kanugnog na pabahayan — ay kumakatawan sa tunay na puhunan. Bakit hindi sila ginamit sa saunlad? Sa sagot sa mga katanungang ito matatagpuan ang susi sa pagbubuong-puhunan sa bayang ito. Nguni't ang sagot ay maaaring di payak na tulad ng maaaring maisip natin sa simula. Masasangkot ang iba pang katanungan — tungkol sa pambansang gawi at kakuwanan, sa ating palabuwisan sa lupa, patakaran sa pag-angkat ng mga karangyaan at, di pinakamaliit, sa ating pambansang kakimian sa pamumuhunan ng salapi. Magiging mapakinabang para sa MAN na sagarang pag-aralan ang mga katanungang iyan at maglathala ng kanyang mga natuklasan at tagubilin.

Kung gayon, ang suliranin ng banyagang puhunan ay dapat isaalang-alang sa liwanag ng katutohonang mayroon nang isang malaking halaga ng puhunang panloob sa Pilipinas na naglilimayon at di nagagamit. Kung ang ating pamahalaan ay nagpapairal ng mga patakaran upang humigom ng puhunan mula sa labas ng bayan, bakit di muna

magkaroon ng isang masigasig na patakaran upang mahalungkat ang panditong puhunan mula sa kanilang maraming taguan at hikayatin silá sa kalalang? Ang sakilos ng palitang-sapi (stock exchange) sa Maynila at Makati ay nakaambag na nang malaki sa ganitong layon. Dapat din kayang magkaroon ng ganyan ding mga palitang-sapi sa ibang lunsod na tulad ng Sebu, Dabaw at Bakolod?

Kaya't ang ating patakaran tungo sa banyagang pamumuhunan ay maaaring payak na balangkasin sa sumusunod na maikling pahayag:

(1) Ang mahahalagang kalalang, yaong mahalaga sa kapanatagan ng bansa, ay dapat ilaan para sa mga Pilipino, o sa ilang tanging kalagayan, para sa banwa.

(2) Ang banyagang puhunan ay maaaring tulutan sa di-maselang kalalang na di pa pinapasok, o di papasukin ng pamumuhunang Pilipino, bagama't lahat ng udyok ay dapat ibigay sa ating mga kababayan upang mapalapad nila ang lawak ng kanilang mabisang sakilos.

(3) Maaaring makapasok ang banyagang puhunan sa ilalim ng mga alituntunin na tumitiyak na ang sikap ay supil ng mga Pilipino, tahasan at di lamang sa salita.

Bukod sa rito, ang banyagang pamumuhunan ay dapat sanang manggaling hangga't maaari mula sa lalong maraming kabansaan upang hindi makapamayani ang iisang bansa at sa gayon ay makialam sa mga panloob na patakaran ng ating pamahalaan o sa kanyang patakarang panlabas. Ang bayang ito ay dapat mamalaging atin at ang supil ay dapat mamalaging mahigpit na nasa ating mga kamay.

Ang kadalasang pagtutol laban sa "chauvinism" at ang pangangailangan na malutas ang kawalang-hanapbuhay at karukhaan ay di sasalang maririnig kailanma't binibigkas ang mga pahayag na tulad ng ginawa ko. Nguni't ang mga iminungkahi kong patakaran ay di hiwalay na kakuwanan ng isang mamamayang naliligaw. Ang Australya, na nagsimulang may bukas-kamay na patakaran upang mahigom ang banyagang mamumuhunan, ay tumumbalik sa ganyang patakaran sa ilalim ng kanyang bagong punong-ministro, si G. John Gorton. Ang Europa ay may ilang taon nang sumúsunod sa kahawig na patakaran na naghahadlang sa mga banyagang puhunan, lalo na sa puhunang Amerikano. Marahil, ang lalong binabasa at pinagtatalunang aklat sa Europa ngayon ay ang bantog na "Le Defi American" ("Ang Hamon ng Amerika"), sinulat ng isang Pranses, na nagbabala sa panganib na ibinabadha ng pagbaha ng puhunan ng EU sa mga kalalang ng Europa. Ang Kanada sa ilalim ni Trudeaux ay napipilitang ipagsanggalang ang sarili sa nasabi ring panganib matapos ang ilang pultaon ng lisyang patakaran ng pagpapapasok sa pamumuhunan mula sa kanyang kapitbansa sa timog. Ang Peru kailan lamang ay napilitang umilit sa dambuhalang **International Petroleum Company.** Ginawa ito na kapanabay ang nakagigimbal na pahayag: "Nagawa na ng Peru ang panghuling hakbang upang tahasang ipinid ang nakahihiyang yugto ng kanyang kasaysayan . . . Nakarating na kami sa tunguhing inaadhika ng lahat ng may puring bansa: ang kanilang kahigpunuan."

Ang ating sariling karanasan ay dapat máging isang malinaw na aral para sa atin. Mga Amerikahing manunulat na rin ang madalas dumaliri na ang pantáyan ay ipinagpilitan sa atin ng Malakihang Hanapbuhay na Amerikahin, maging dito at sa E.U. Gayon din sa malayang baliwasan na, inaamin ngayon, mabisang nakahadlang sa ating sakalalang sa loob ng maraming taon.

Ang huling pangunahing hamon na humaharap sa ating bayan ay ang Kapulungang Pansaligambatas. Ito marahil ang pinakamahalgang hamon sa lahat sapagka't magkakabisa sa katayuan ng Republika. Ito ay isang suliraning dapat nating lapitan nang may ganap na bukas na isip, isang kauntian ng mga batayang paniniwala at iisang kabutihan — ang pinakamalawak na kabutihan ng ating bayan.

Naging maliwanag na ang kaayusang pampulitika na lumulukob sa atin ngayon ay di nakapagpalabas sa pinakamabuti sa atin, sa talisik ng ating sambayanan, sa kadakilaan ng ating lahi. Sa ilalim ng kaayusang ito, kaunti lamang ang taliwas, nakita natin ang mga pangkaraniwan ng ating ulnong na nangibabaw at naghawak ng pamumuno. Nakita natin ang walang-kaya na nagmatigas sa tungkulin, ang kawalang-tapat na ginantimpalaan, ang walang-

taros na itinaas. Ang katiwalian ay di naparurusahan; ang yaman, kahit paanong natamo, ay sinasamba; ang kapangyarihan, kahit di makatarungan, ay pinupuri. Bunga nito, ang pangasiwaan ay mabagal ang pagkilos, ang agimating saunlad ay nababalaho at ang karukhaan ay kumakalat at lumalala, ang katarungan ay laging kulalat, ang pananalarin ay nag-iibayo at ang kapayapaan at katiwasayan ay sumasama.

Tayo ay mga malulungkot nguni't walang-magawang saksi sa lahat ng ito. Naghahanap tayo ng lunas sa loob ng kaayusang ito, nguni't matapos ang bawat halalan, nakikita natin na yaon ding uri ng mga "lider" ang nangahalal — kadalasa'y ang karaniwan at mayaman. Lalo't lalo na, mayayaman lamang ang nagkakapagkakataon na kumandidato para sa tungkuling-bayan.

Nagsisimula tayong magtanong sa sarili. Hindi kaya ang sala ay nasa loob ng kaayusan na rin? Bakit hindi nito mapalabas ang kabutihan na hinahanap natin? Hanggang kailan natin maaaring pagparayaan ang nakapagpapababang karangyaan at katiwalian ng isang walang-kayang pamahalaan?

Maaaring magtunog-pagmamalabis ito. Nguni't nagaalinlangan ako na maaaring magpatuloy ang kalagayang ito kung hindi magpapatibay ng mga mulinyo sa darating na Kapulungang Pansaligambatas. Ang mga mulinyo ay kailangang maging sagad kahit na, kung kailangan, palitan ang kaayusan ng pamahalaan.

Ito ang ibig kong sabihin nang ipinahayag ko kangina na sa Kapulungan ay kailangang taglayin natin ang isip na ganap na bukas, ang isang kauntian ng mga batayang paniniwala at ang payak na layon ng pinakamalaking kabutihan para sa bayan. Dapat nating harapin ang katutohanang ang kasalukuyang kaayusan ay hindi naging mabisa mula noong Ikalawang Digmaang Pandaigdig. Dapat nating tanungin ang sarili, bakit nabigo? Hindi sapat na sumagot na ang kaayusan ay mabuti nguni't ang mga tao ay di naging mabuti. Kung gayon, ang kaayusan kaya ay di angkop para sa mga Pilipino?

Kung hindi, dapat kaya nating subukin ang ibang kaayusan ng pamahalaan, tulad ng iminungkahi ni Recto at

Laurel mga ilang taon na ang lumipas? Dili'y may iba kayang kaayusan na maaari nating likhain upang mapangalagaan yaong kauntiang batayang paniniwala na siyang lubos nating itinataguyod bilang takarang-bato ng makatarungang ulnong, yaong mga kapaniwalaan na sa unang bahagi ng talumpating ito ay isinaysay ko na siyang dapat pagkasunduan ng lahat tayo sa loob ng MAN.

Itinatagubilin ko ang mga katanungang ito sa MAN upang pag-aralan at tulungan ang ating mga kababayan na lutasin sa mga taong darating.

Tulad nang sinabi ko sa simula, ang MAN ay nakaganap na sa isang mahalagang papel sa kasaysayan ng pagkamakabansang Pilipino. Ang isang marahil ay lalong mahalagang papel ay naghihintay sa atin ngayon. Iaaatang ba natin sa ating balikat?

Ang pagkamasigasig, ang pagkamasikap, ang pagkatapat, ang pagtitika at ang mga pagpapakasakit na itinanghal ninyong lahat sa nakaraang dalawang taon, na nababakas sa Talaadhikaang ngayon ay pagtatalakayan natin, ay tumitiyak sa akin na tatanggapin natin ang hamon.

SALAMAT PO.

——0——

77.	Pacific Banking Corp.	1,071,792.00
78.	American Wire Cable Co., Inc.	1,060,325.00
79.	Jai-Alai Corp.-Phils.	1,059,228.00
80.	Prudential Bank-Trust Co.	1,058,963.00
81.	Rexall Philippines, Inc.	1,048,302.00
82.	Bacolod-Murcia Milling	1,037,221.00
83.	Minnesota Phils., Inc.	1,037,004.00
84.	Northwest Airlines, Inc.	1,036,482.00
85.	Plaridel Lumber Co., Inc.	1,003,142.00
86.	Universal Textile Mills	994,386.00
87.	Rita Legarda, Inc.	989,851.00
88.	Negros Navigation Co.	975,784.00
89.	Transport Contractors	941,313.00
90.	Consolidated Food Corp.	924,064.00
91.	Filipinas Cement Corp.	921,380.00
92.	Philippine Tobacco Flue Corp.	921,380.00
93.	Industrial Finance Corp.	915,685.00
94.	Universal Motors Corp.	892,407.00
95.	J.M. Tuazon Co., Inc.	886,948.00
96.	Liberty Flour Mills, Inc.	866,889.00
97.	Sta. Clara Lumber Co., Inc.	862,308.00
98.	General Electric Appliances	958,222.00
99.	Consolidated Mines, Inc.	838,679.00
100.	Richardson Merrell, Inc.	836,201.00

Hugpong "K"

TALATATAGAN NG MAN

PAMBANSANG SANGGUNIAN NG MAN, 1969-1971

Kaadhikang **Lorenzo M. Tañada,** Pambansang Tagapangulo

Mga Kinatawang Pandanay

1.	Felix Fernandez	— Hilagang Luson
2.	Ricardo D. Ferrer	
3.	Senen Saguyod	— Gitnang Luson
4.	Eduardo Cruz	
5.	Alberto T. Abaya	— Lalong Malaking Maynila
6.	Flor Caagusan	
7.	Cesar A. Arenas	— Timugang Luson
8.	Alfonso Atienza	
9.	Haydee B. Yorac	— Kabisayaan
10.	Miguel Enriquez	
11.	Ramon Mitra, Anak	— Mindanaw at Palawan
12.	Eduardo Tadem	

Mga Kinatawang Pampanig

1.	Mariano Laurel	— Pangangalakal
2.	Rosendo N. Feleo	— Kilusang-bayan
3.	Jose Lansang	— Paturuan
4.	Juan J. Cruz	— Paggawa
5.	Ninotchka Rosca	— Santauhing Pabatiran
6.	Bartolome Pasion	— Pagsasaka
7.	Rogaciano Mercado	— Pulitika
8.	Gonsalo del Rosario	— Panungkulan
9.	Rolando Peña	— Agham at Aghimuan
10.	Leonor Magtolis	— Kababaihan
11.	Renato Constantino	— Panulatan at Sining
12.	Ernesto Macahiya	— Kabataan at Mag-aaral

Mga Kinatawang Madlain

1.	Hernando J. Abaya	6.	Alejandro Lichauco
2.	Fernando Barican, Anak	7.	Merlin Magallona
3.	Baltazar Cuyugan	8.	Antonio U. Miranda
4.	Ignacio Lacsina	9.	Emilio de Peralta
5.	Horacio Lava, Ama	10.	Rogelio N. Relova

11. Teofilo Reyes, Ama
12. Antonio A. Santos
13. Luis V. Teodoro, Anak
14. Ruben Torres

MGA KAANIB NG LUPON SA WAKI NG TALAADHIKAAN

Alberto T. Abaya — Tagapangulo

1. Gonsalo del Rosario
2. Ricardo D. Ferrer
3. Jose A. Lansang
4. Francisco Lava, Anak
5. Alejandro Lichauco
6. Francisco Nemenzo, Anak
7. Rolando Peña
8. Ninotchka Rosca
9. Lius V. Teodoro, Anak
10. Haydee B. Yorac

Iba pang tumulong sa paghahanda ng waki ng Talaadhikaan bukod sa mga kaanib ng Lupon sa Waki:

1. Hernando J. Abaya — Kalinangan at Santauhing Pabatiran
2. Gelacio Y. Guillermo, Anak — Kalinangan
3. Amado V. Hernandez — Kalinangan
4. Samuel K. Tan — Kalinangan
5. Igmidio Hernandez — Ugnayang Pangmanggagawa
6. Ignacio Lacsina — Ugnayang Pangmanggagawa
7. Rodolfo del Rosario — Ugnayang Pangmanggagawa
8. Vladimir Sampang — Ugnayang Pangmanggagawa
9. Horacio Lava, Ama — Agimatan
10. Manuel Almario — Patakarang Panlabas
11. E. Voltaire Garcia II — Patakarang Panlabas
12. Jose Ma. Sison — Patakarang Panlabas
13. Victor David, Anak — Patakarang Panlabas
14. Hermenegildo Garcia IV — Patakarang Panlabas
15. Modesto Reyes — Mulinyo sa Lupa at Magbubukid
16. Pablo Santos — Mulinyo sa Lupa at Magbubukid
17. Felixberto Olalia — Magbubukid

18. Pacifico Agabin — Mga Katanungang Pambatas
19. Rosendo Feleo — Mga Katanungang Pambatas
20. Emilio de Peralta — Mga Katanungang Pambatas
21. Ruben Torres — Mga Katanungang Pambatas
22. Cesar A. Arenas — Aghimuan
23. Romeo Dizon — Pagsasalin
24. Antonio A. Santos — Pagsasalin
25. Proserpina D. Tapales — Pagsasalin
26. Milagros Guerrero — Paturuan

MGA PINUNO NG IKALAWANG PAMBANSANG KAPULUNGAN NG MAN

Gusaling Panlipunan ng SSS, Marso 15-16, 1969

Renato Constantino ..... Tagapangulo ng Kapulungan
Ruben Torres ..... Kangulo
Gonsalo del Rosario ..... Kangulo
Rosendo N. Feleo ..... Kangulo

Lupon ng mga Kasangguni

1. Antonio U. Miranda
2. Teofilo Reyes, Ama
3. Jose A. Lansang
4. Mariano Laurel
5. Amado V. Hernandez
6. Baltazar Cuyugan
7. Ramon Mitra, Anak

Kalihiman

Tagapangulo ..... Hernando J. Abaya

Mga Kaanib

Proserpina D. Tapales
Ramil Macapagal
Teresita Macapagal
Aida L. Dizon
Flor Caagusan
Letizia Constantino
Leonor Magtolis
Josephine Cuyugan
Alfredo Desiderio
Lourdes Nakpil
Francisco Madulid

Lupong Tagapag-ugnay

Tagapangulo ..... Antonio A. Santos

Mga Kaanib

Cayetano Estimada
Amelia Sawit
Salvacion Macapagal
Carlos P. Magtolis
Noe Caagusan
Eduardo Tadem
Jose Lao

Mga Kubngulo

Ricardo D. Ferrer
Ninotchka Rosca
Haydee B. Yorac

Mga Punong-Larang

1. Igmidio Hernandez — Larang Bonifacio
2. Juan Cruz — Larang Tarik Suliman
3. Felicisimo Macapagal — Larang Llanera
4. Rolando Peña — Larang Jacinto
5. Jose David Lapuz — Larang J. P. Laurel
6. Andres Lagman — Larang Mabini
7. Francisco Nemenzo, Anak — Larang L. K. Santos
8. Rogelio N. Relova — Larang Rizal
9. Renato Constantino, Anak — Larang Recto
10. Cesar Arenas — Larang Aglipay
11. Bartolome Pasion — Larang Luis Adriano
12. Felix Fernandez — Larang I. de los Reyes
13. Isidro Dimal — Larang J. Alejandrino
14. Bernardo Luriz — Larang P. Abad Santos
15. Nicolas Torres — Larang Plaridel
16. Eusebio Fajardo — Larang Balagtas
17. Gregorio Abul — Larang Antonio Luna
18. Isaias Ganyas — Larang Felizardo
19. Pablo Santos — Larang D. Esquivel
20. Manuela Sta. Ana — Larang Juan Feleo
21. Francisco Madulid — Larang Montalan

Para sa paghahanda:

Renato Constantino	Tagapangulo, Lupon sa Patakaran at Pagbabalak
Domingo Castro	Tagapangulo, Kawanihan ng Pagtatatag
Baltazar Cuyugan	Tagapangulo, Lupon sa Kapulungan
Emilio de Peralta	Tagapangulo, Lupon sa Alituntunin at Pamamaraan
Rosendo Feleo	Tagapangulo, Lupon sa Sangalan
Pacifico Agabin	Tagapangulo, Lupon sa Halalan
Gonsalo del Rosario	Tagapangulo, Lupon sa Talatuntunan
Alberto T. Abaya	Tagapangulo, Lupon sa Pananalapi
Haydee B. Yorac	Pangulo, Lupon sa Pagdarausan
Avelino Valerio	Kangulo, Lupon sa Pagdarausan
Ana Maria Nemenzo	Tagapangulo, Lupon sa Pagkain at Pamatid-Uhaw
Francisco Catanghal	Kangulo, Lupon sa Satala at Katibayan
Francisco Baltazar	Kangulo, Lupon sa Satala at Katibayan
Lourdes Nakpil	Tagapangulo, Lupon sa Aghimuing Lingkuran at Paglalang

Hugpong "D"

TALASALITAAN

adhika — masidhi at marangal na layon (ambition, aspiration)
adhikaan — kilusang nagtataguyod sa isang adhika (movement)
agamahan (Maranaw) — maanyong pananampalataya (religion)
agamahing kapaniwalaan — ang mga paniniwala ng isang agamahan (religious creed)
agham — isinaayos na kaalaman (science)
aghimo — pamaraang ginagamitan ng agham (technique, technics)
aghimuan — palagawaang ginagamitan ng agham (technology)
aghimuin — may kaugnayan o tumutukoy sa aghimo (technical)
aghimuing tulungan — pagtutulungan sa larangan ng aghimo (technical cooperation)
agimat (*matandang Tagalog*) — tipid, sinop (thrift, economy)
agimatan — ang agham ng pagtitipid at pagsisinop (economics)
agimatin — may kaugnayan o tumutukoy sa agimatan (economic)
agimating suliranin — suliraning may kinalaman sa agimatan (economic problem)
agimating kaayusan — kaayusan na may kinalaman o tumutukoy sa agimatan (economic system)
aralang-aklat — aklat na ginagamit sa paaralan (textbook)

bagunsakupbayan — makabago at di-tuwirang sakupbayan (neo-colony)
bagunsakupin — may kaugnayan o tumutukoy sa bagunsakupbayan (neo-colonial)
baliwasan (*matandang Tagalog*) — palitan o bilihan ng mga kalakal at bilihin (trade)
bana (*Bisaya*) — asawang lalaki (husband)

bangkong-bukid — bangko para sa mga magbubukid (rural bank)
banwa (*Bisaya*) — kaayusang may kapangyarihan at nagsasarili ng isang sambayanang may sariling lupain at pamahalaan (state)
banwahin — may kaugnayan o tumutukoy sa banwa, di pansimbahan (secular)
banwang sosyalista — banwa na sumusunod sa mga simulain at patakaran ng sosyalismo (socialist state)
banyagang supil — pangingibabaw ng mga dayuhan sa mga suliranin ng isang banwa o samahang pangalakal (foreign control)
baruwang (*matandang Tagalog*) — sinauna, di-bihasa (primitive)
Batas Bell sa Baliwasan — Bell Trade Act
Batas sa Kalalanging Kapayapaan — Industrial Peace Act
Batas Laban sa Panlalabag — Anti-Subversion Law
Batas sa Sakahing Mulinyo — Agrarian Reform Law
Batas sa Udyok-Pamumuhunan — Investments Incentives Act
Batayang Kasulatan sa Paggawa — Magna Carta of Labor
bigaypala — bayad o pabuya sa paglilingkod (compensation)
bilihin — mga bagay o lalang na binibili sa pamilihan (goods)
Binagong Pamparusang Kabatasan — Revised Penal Code
Bayanhing Kabatasan — Civil Code

kabakas — kasama sa isang bakasan o "partnership" (partner)
kabahalaan — lupon na may tanging pakay o pabahala (commission)
Kabahalaan ng Lingkurang-Madla — Public Service Commission
kabatasan — katipunan ng mga batas (code)
kadiwaan — katipunan o kalikasan ng diwa ng isang katha (context)
kagawaan — tanggapang kasama sa isang kilusan o gawain (agency)
kahigpunuan — kahigtan sa pamumuno (sovereignty)
kairalan — pag-iral ng kasalukuyang kalagayan (status quo)

kaisa — kaanib ng isang kaisahan o "union" (unionist)
kaisahan — kapisanan ng mga kawani o manggawa para sa pagtatanggol sa kanilang mga karapatan (union)
kaisahang pantaw — kaisahan sa pangangasiwa ng pantaw o pautang (credit union)
kalakal — mga bagay o lalang na ipinagbibili (commodity)
kalakalan — ang pagbili at pagbibili ng mga kalakal (commerce)
kalalang — ang paglalang o paggawa ng mga kalakal (industry)
kalamangan — kahigtan sa buti o pakinabang (advantage)
kalupunan — ang kabuuan ng mga kaanib ng isang lupon (staff)
kamalayan — pagkakaroon ng malay o kabatiran (consciousness, awareness)
kapanig — kaisa ng panig, kabilang sa panig (ally)
karapatang-tuklas — karapatan sa pagmamay-ari ng, at pakinabang sa, isang tuklas o imbensiyon (patent)
kaulatan — katipunan ng mga ulat o malak (statistics)
kapilian — ang mga piling tao ng isang pamayanan (the elite)
katuruang pampulitika — katipunan ng mga turo at aral na pampulitika (political education)
kinagawa — kinatawan sa paggawa (agent)
kubdulang sahod — pinakamababang sahod (minimum wage)
kubsamahan — kasama nguni't kubling samahan (subsidiary company)

daang pahalang — daan na nakahalang at nagsusubo sa isang malaking lansangan o daambakal (feeder road)
dalubtalain — may kaugnayan o tumutukoy sa dalubtalaan o "astronomy" (astronomical)
dalubtalastas — dalubhasa sa talastasan (diplomat)
dalumat — kabuuan ng mga kaisipan tungkol sa isang bagay o kalagayan (concept)
danay — malawak na bahagi ng lupaing-bayan (region)

gamlang — mga kalakal o lalang na ginagawa sa kamay (handicraft)
gawad-tulong — mga bigay na pantulong (grant-in-aid)

halga (halaga) — halaga na hindi sinusukat sa salapi (value)
halpunuan — halayhay ng mga pinuno (hierarchy)
hibo — bisa o kakayahang magpabago (influence)
hilaw na sangkap — mga sangkap na likas (raw materials)
hisakupin — alisan ng pananakop (decolonize)
hisupil — ang pag-aalis ng supil (decontrol)
hukbuhing takad — himpilan o katatayuan ng mga sandatahang lakas (military base)
Hukuman ng Kalalanging Pagsamahan — Court of Industrial Relations
hulwaran — urian, tularan o huwarang-larawan (pattern)
huna — matalinong hula, pang-agham na palagay (theory)

isipnon — dalubhasa at may makabayang pakay sa paggamit ng pag-iisip (intellectual)
isugang batlag — batlag (car) na may likhisog (engine), awto (motor car)

lalang — bunga o gawa ng isang pagawaan (product)
laruang-paaralan — paaralan para sa mga batang hindi pa makapasok sa mababang paaralan (kindergarten or nursery school)
lingkod-manggagamot — paglilingkod ng mga manggagamot (medical service)
lingkod-uspital — paglilingkod ng mga pagamutan (hospital service)
lipunan — ang mataas na saray ng ulnong (high society)
Lunduyang Bangko — ang panggitnang bangko ng pamahalaan (Central Bank)
lupangkap — sangkap na matatagpuan sa lupa (mineral)
lupangkaping yaman — mahahalagang lupangkap na nasa lupa ng isang bayan (mineral resource)
luwasing ani — mga ani na iniluluwas sa ibang bansa (export crop)

makahukbo — tagasunod sa mga patakaran ng hukbo (militarist)
makatao — may malasakit sa kapakanan ng tao (humane)
malaalipin — ang pagsasamahan ng may-ari at tagalinang ng lupa na di makatwiran para sa huli (feudal)
malalangin — mabunga sa paglalang (productive)

Malayang Baliwasan — baliwasang di ibinubuwis (Free Trade)
mamamaliwas — ang namumuhay sa baliwasan (trader)
mamumuhunan — ang namumuhay sa pamumuhunan (investor)
mananaid — ang gumagamit, umuubos o sumasaid sa mga kalakal at bilihin (consumer)
mang-aagham — ang manggagawa sa larangan ng agham (science worker)
mang-aaghimo — ang manggawa sa larangan ng aghimo (technician)
mang-aaghimuan — ang manggagawa sa larangan ng aghimuan (technologist)
mangangalalang — ang mamumuhunan sa kalalang (industrialist)
maninikap — ang namumuhay sa pagpapasimuno sa palalangan (entrepreneur)
manunungkulan — ang namumuhay sa paggamit ng kanyang panungkulan (professional)
mapanauli — nagbabalik sa luma o lipas na panahon (atavistic)
mapagbuong-puhunan — nakatitipon ng puhunan (capital-forming)
mauliranin — nababatay o sumusunod sa uliran (idealistic)
maypagawaan — may-ari ng pagawaan (factory owner, manufacturer)
mulimbalot — ang kalalang sa muling pagbabalot ng kalakal o bilihin na inaangkat mula sa ibang bansa (repackaging)
mulimbuo — ang kalalang sa muling pagbubuo ng mga kasangkapan, kagamitan o makina na inaangkat mula sa ibang bansa (reassembly)
mulintatag — muling pagtatatag ng isang samahan, kapisanan, lipon, atb. (reorganization)
mulinyari — muling pagyari o pagsasaayos ng isang katatagan, samahan, pamayanan o ulnong (reconstruction)
mulinyo — muling pagbibigay-anyo sa isang kaayusan, kinagawian o palagawaan (reform)

nakatakod sa (*Bisaya*) — nakaangkop o nakaugnay sa (geared to)

nagbabatong kapakanan — kapakanan na dahil sa katagalan ng pag-iral ay naipalalagay na may tanging karapatan na manatili (vested interest)
namamahalang kapilian — ang kapilian (elite) na siyang bumubuo sa mga pinuno at pamuno ng isang pamayanan o ulnong (ruling elite)
namumulok — nasa kalagayan ng pagkabulok o pagkasira (decadent)

paagi (*Bisaya*) — masaliksik na pamamaraan (tactic, tactics)
paalagaan — pook na alagaan ng mga bata o sanggol (nursery)
paaral — pagpapaaral sa batang may di-karaniwang kakayahan sa gugol ng pamahalaan o ng isang katatagan (scholarship)
pagamitan — isang katatagan na nangangasiwa sa paggamit ng isang paglilingkod-bayan (utility)
pagamitang-madla — public utility.
pagkahutukin — pagkamaaaring baguhin o hutukin (flexibility)
pagkamakabagunsakupin — simulain o palagawaan ng bagong pananakupbayan (neo-colonialism)
pagkamakasakupin — simulain o palagawaan ng pananakupbayan (colonialism)
pagkamakasarili — pagbibigay-diin sa kapakanan ng sarili (individualism)
pagkamalalangin — pagkamabunga sa paglalang (productivity)
pagpapabalik — pag-aalis sa isang punumbayan sa pamagitan ng boto ng madla (recall)
pagtutukoy — paghaharap sa madla upang pagtibayan o tanggihan ang isang batas o panukalang-batas mula sa batasambayan (referendum)
palaadhikaan — palagawaan ng isang adhikaan (program of work)
palakuruan — katipunan ng mga kuru-kuro tungkol sa isang paksa o simulain (ideology)
palagamutan — panukalang palatuntunan sa walang-bayad na pagpapagamot na sasagutin ng pamahalaan (medicare)

palagawaan — palatuntunan ng mga gawain (program of work)
palaisigan — palagamitan ng mga isig at lakas ng isang kilusan (dynamics)
palatalastasan — agham at sining ng talastasan (diplomacy)
palatalastasin — may kaugnayan o tumutukoy sa palatalastasan (diplomatic)
palatalastasing ugnayan — diplomatic relations
paluwagan — kapisanang ukol sa pagbibigay ng pantaw o pautang (credit pool)
pamimisan — pagtitipon sa isang pook o sa ilang kamay (concentration)
pambatasang kaayusan — ang kaayusan ng pamahalaan na ang batasan ang higit na makapangyarihan (parliamentary system)
pampananalaping hakbang — mga hakbang o pamamaraan na may kinalaman sa salapi (financial measure)
pampanguluhang kaayusan — ang kaayusan ng pamahalaan na ang panguluhan ang higit na makapangyarihan (presidential system)
pamumulupot — malaaliping pagsalig o pag-asa sa iba (slavish dependence)
pamuhunang bilihin — mga kasangkapan o kagamitan na gamit sa paglalang o paggawa ng kalakal, bilihin o ibang kasangkapan (capital goods)
pamuno — pasimuno o tagapamuno (leader)
pamuwisan — ang palagawaan ng pagpapataw at pagsingil ng mga buwis (taxation)
panagot — isang kasulatang pantiyak sa pagbabayad ng isang utang o pagtupad sa isang pangako (bond)
pananaid — ang pag-ubos, paggamit o pagsaid sa mga bilihin o kalakal (consumption)
pandito — ukol o laan sa pook na kinalalagyan ng nagsasalita (local)
paniniwalat — pagpapakalat ng kabatiran (propaganda)
pangasiwaang-madla — public administration
pangkaasalang balikhaan — kilusang naglalayong mapanauli ang mabuting kaasalan (moral regeneration)
panggitnang uri — ang pangkat ng ulnong na nasa katamtamang kalagayan (middle class)

pangmadlang tatagin — isang pamamaraan o pamamalagay na sinusunod at tinutupad ng madla (public institution)
pangunahing lalang — lalang o bunga ng sakahan (primary product)
pantaw — tiwala sa paggamit ng pautang (credit)
pantayan — kalagayang magkakapantay sa paggamit ng ilang karapatan (parity)
panungkulan — gawain na pinag-aaralan sa dalubhasaan at pinangangasiwaan ng pamahalaan (profession)
panungkulin — may kaugnayan o tumutkoy sa panungkulan (professional, adj.)
patigayon (Bisaya) — malawak at pangmatagalang pamamaraan (strategy)
puhunaning saunlad — saunlad na may kaugnayan o tumutukoy sa puhunan (capitalistic development)
pultaon — sampung taon, pulung taon (decade)

saayos — pagsasaayos (processing)
sabansa — pagsasaari ng bansa (nationalization)
saka-kalalangin — may kaugnayan o tumutukoy sa sakahan at kalalang (agro-industrial)
sakalalang — paglalagay sa uri o saklaw ng kalalang (industrialization)
sakatutubo — paggawang-mamamayan sa isang banyaga o dayuhan (naturalization)
sakupbayan — bayang sakop ng ibang bayan (colony)
sakupbayaning ugnayan — colonial relations
sakupbayanhin, sakupin — colonial (adj.)
sakuping kaayusan — kaayusan ng mga sakupbayan (colonial system)
sairing bilihin — bilihin na nauubos o nasasaid (consumer goods)
salapat — pagsasalapat o pag-aangkop (application)
sambayanan — ang kalahatan ng mga taumbayan (the people)
sanibang sikap — hanapbuhay na magkasanib ng mga Pilipino at dayuhan (joint venture)
sanligan — ang kalagayang nasa likuran ng isang pangyayari (background)
santao — ang kalahatan ng mga tao sa isang bayan (the mass, the masses)

santauhan — ang kalahatang bilang ng mga tao sa isang bayan (population)
santauhing pabatiran — ang mga pamamaraan o kagamitan sa maramihang pagpapabatid sa mga santao (mass media)
sapian — korporasyon (corporation)
sapul-digma — mula nang matapos ang digma (post war)
saray — sapin, patong, palapag (layer, stratum)
sarilakal — pangangalakal na sinasarili ng isa o ilan (monopoly)
sarilintao — ang tao bilang hiwalay na kaanib ng ulnong (individual)
satungo — pagkakaugnay sa kapaligiran (orientation)
saunlad — pagpapaunlad (development)
simbahanin — may kaugnayan o tumutukoy sa simbahan (clerical)
sinakatutubo — isang banyagang ginawang mamamayang Pilipino (naturalized)
siyasig — malawak at pang-agham na paniniyasat (survey)
siglaban — sigaw sa labanan (battle cry)
suludkayarian — ang mga daan, tulay, lansangan, pahatiran, pasakayan at iba pang gawaing bayan na nagkakabit-kabit sa lahat ng panig at dako ng bansa (infrastructure)
sunlad — pagsulong at pag-unlad (evolution)
supil — pagpigil at pagtatakda (control)

takad — himpilan o katatayuan (base)
tagaangkat — tagapagpasok ng bilihin mula sa ibang bansa (importer)
tagalalang — tagagawa ng mga kalakal at bilihin (producer)
tagaluwas — tagapaglabas ng mga bilihin at kalakal sa ibang bansa (exporter)
tagamulinyo — tagapagbago (reformer)
talaadhikaan — nakasulat o nakalimbag na palaadhikaan (written or printed programme of a movement)
talaaralan — talaan ng mga bagay na pag-aaralan (curriculum)
taladutaan — talaan ng kaalaman tungkol sa ibabaw ng daigdig (geography)

talapaksaan — talaan ng mga paksang pag-aaralan (syllabus)
talatuntunan — talaan ng mga gagawin sa isang palatuntunan (program sheet of a ceremony)
tangkilikan — kapisanan o samahan para sa pagtutulungan ng mga kawani at manggagawa sa isang samahan o kalalang (cooperative)
tatagin — isang pangkat, lipon o kapisanan na nakatatag; isang kinamihasnang gawi o palagay (institution)
tauhin — may kaugnayan o tumutukoy sa tao (human)
tikma — isang paksa o bagay na tatalakayin o pag-uusapan sa isang pulong o pagtitipon (point or item of business)
tikmaan — talaan ng mga tikma (agenda)
timbangang-bayad — talahambingan ng babayaran at ibabayad (balance-of-payment)

ulnong — (*matandang Tagalog at Iluko*) — pamayanan, ang kalahatan ng namumuhay sa isang lupain (society in general)
ulnu-agimatin — may kaugnayan o tumutukoy sa ulnong at agimatan (socio-economic)
ulnungin — may kaugnayan o tumutukoy sa ulnong (social, in the general sense)
ulnunging budlong — ang diin at hibok para sa isang ulnunging hakbang (social pressure)
ulnunging kagalingan — kagalingang may kinalaman sa ulnong (social welfare)
ulnunging lingkod — paglilingkod sa mga ulnunging pangangailangan (social service)
ulnayan — ang agham ng ulnong (social science)
untilakal — kalakalan ng mga nakauunti (oligopoly)
untipuno — isang pinuno ng untipunuan (oligarch)
untipunuan — pamumuno ng nakauunti (oligarchy)

yaring bilihin — mga bilihing tapos na at handang gamitin (finished goods)

Kinakailangan ng makabansang kilusan ang lahat ng Pilipinong may tunay na malasakit sa kasalukuyan at hinaharap ng Pilipinas at nakauunawa sa mga dahilan ng patuloy na pangungulalat nito. Ang MAN ay siyang katatagan para sa kanilang pagkakaisa at sama-samang kilos tungo sa isang bago at lalong mabuting ulnong.

MAKABANSANG ADHIKAANG NAGKAKAISA
(MAN)

Tungkol sa pag-anib at ibang bagay, sumulat kay:

Senador LORENZO M. TAÑADA
Pambansang Tagapangulo
Makabansang Adhikaang Nagkakaisa (MAN)
Senado ng Pilipinas
M a y n i l a

PHILIPPINE COLLEGIAN

Official Weekly Student Newspaper of the
University of the Philippines
P.O. Box 120 Diliman, Quezon City

OSCAR G. YABES
Editor

SAMMY M. PALER, III
Managing

Elvi Asuncion, Doming Au, George Briones, Pedro F. Cornel, Jr., Bobby Cruz, Tony Kalaw, Boy Leonardo, Ben Malayang, Norberto Mercado, Deogenes S. Osabel, Sabino M. Palisoc, Vic Palpal-latoc, Ana Francia Quizon, Reghis Romeo III, Froilan G. Yabes, Mary Angeline Yap, Junyee, *Staff*.

TONY CARPIO
Editorial Consultant